


Gabay


Pagbabasa ng Wikipedia

sa Silid-aralan

Modyul 1

Using Wikipedia
to foster media
and information
literacy skills





*This word cloud is generated from 713 teachers' responses to a survey that was conducted on July 2020 in Bolivia, Morocco, and Philippines

Talaan ng mga Nilalaman

Talaan ng mga Nilalaman	3
Panimula	5
Tungkol sa gabay	6
Paano gamitin ang gabay na ito	7
Key ng Design	7
Iskedyul ng Pagsasanay	8
Socializing your learning	9
Modyul 1 Pag-access sa impormasyon10
1.1 Ang kahalagahan ng pag-access sa impormasyon	13
1.2 Ano ang Wiki?	14
1.3 Ano ang Wikipedia?	15
1.4 Karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa Wikipedia	18
1.5 Bakit gagamit ng Wikipedia?	20
1.6 Sino ang sumusulat sa Wikipedia?	21
1.7 Sino ang hindi sumusulat sa Wikipedia?	23
1.8 Pag-navigate ng Wikipedia	25
1.9 Iba pang mga paraan upang ma-access ang Wikipedia	29
1.10 Pagpapanatiling ligtas sa mga estudyante habang nagbabasa ng Wikipedia	33
1.11 Patas na kaalaman, iba't ibang nilalaman, at Wikipedia	37
Anong susunod?40
Panghuling Aralin:42
Isama ang Wikipedia sa iyong mga aralin42

Template ng Banghay-aralin44
Aneks: Halimbawa ng mga banghay-aralin at mga aktibidad upang maidagdag ang Wikipedia sa silid-aralan46
Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman	47
Ang Paghahanap	47
Ko ng Kaalaman	47
Sino ang nasa aklat-aralin mo?	51
Kasaysayan	51
Agham	53
Araling Panlipunan	55
Sining ng Wika	57
Matematika	59
Mga Pagkilala61
Mga sanggunian62

Panimula

Sa buong mundo, ang mga estudyante at mga tagapagturo ay gumagamit ng Wikipedia bilang sanggunian sa pag-aaral. Bilang mga guro, tayo ay maaaring mabigo sa maling paggamit ng Wikipedia ng ating mga mag-aaral o maaari natin itong gamitin upang turuan sila ng mahahalagang aralin sa kaalaman sa midya at impormasyon. Maaari pa natin itong gamitin upang ituro ang mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo katulad ng pagsusuring kritikal, komunikasyon, at kolaborasyon. Sa halos bawat akademikong aralin, maaaring gamitin ng mga estudyante ang Wikipedia bilang “unang pupuntahan” sa pagkalap ng impormasyon ng isang paksa. Tulungan natin silang gawin ito nang responsable!

Ang pangkat ng Edukasyon sa [Wikimedia Foundation](#) ay nasasabik na ipakilala ang gabay na ito bilang mahalagang bahagi ng programang “Pagbabasa ng Wikipedia sa Silid-aralan”. Ang “Pagbabasa ng Wikipedia sa Silid-aralan” ay isang programa sa pagsasanay na nakakatulong sa mga guro na maintindihan at gawing kalamangan ang Wikipedia bilang kasangkapan sa pag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa mga sangkap ng balangkas ng Media and Information Literacy ng UNESCO. Sa pinakaunang yugto, bumuo kami ng gabay ng guro at programa sa propesyonal na pagsasanay upang maiyayon sa mga sistema sa panlokal na edukasyon at realidad ng mga guro sa tatlong nangunungang bansa. Matutulungan ng gabay na ito ang mga guro na maibahagi ang mahahalagang kasanayan sa literasiya ng midya at impormasyon para sa ika-21 siglo, kabilang ang pag-unawa kung paano ginagawa ang impormasyon, paano ma-access at masuri ang nilalaman sa online, at paano maintindihan ang mga pagkiling at mga kakulangan sa kaalaman. Tinutugunan din ng programa sa pagsasanay na ito ang mahahalagang tanong na natatanggap namin mula sa mga guro tungkol sa paano mapapanatiling ligtas ang mga estudyante sa online, at paano sila ihahanda upang harapin ang iba’t ibang anyo ng panlilinlang at maling impormasyon sa online.

Wikimedia Foundation

Ang [Wikimedia Foundation](#) ay isang non-profit na organisasyon na sumusuporta sa Wikipedia at mga kaugnay na proyekto nito. Gumagawa kami patungo sa isang mundo na kung saan ang lahat ay malayang nakakabahagi sa lahat ng kaalaman. Sinusuportahan namin ang pandaigdigang pamayanan ng mga boluntaryo na nagtutulong-tulong sa pagkolekta, pagbuo, at pagbahagi ng nilalaman na pang-edukasyon, at itinataguyod namin ang mga pamantayan at patakaran na gumagarantiya sa karapatan ng malayang kaalaman.

Pangkat ng “Pagbabasa ng Wikipedia sa Silid-aralan”

Nichole Saad
 Melissa Guadalupe Huertas
 Vasanthi Hargyono
 Sailesh Patnaik
 Brahim Faraji
 Soukaina Abelhad
 Noemi Ticona Angles
 Olga Paredes Alcoreza
 Erlan Vega Rios
 Imelda Brazal
 Vanj Padilla



Tungkol sa gabay

Ang gabay na ito ay nakaayon sa tatlong bahagi ng balangkas ng [Media and Information Literacy](#) (MIL) ng UNESCO: pagkuha, pagsuri at paglikha. Iminumungkahi ng UNESCO ang isang pinagsama-samang pamamaraan patungo sa interdisiplinaryong konsepto ng literasiya, at ang MIL ay tinukoy bilang “isang pangkat ng mga kakayanan na nagbibigay kapangyarihan sa mga mamamayan na ma-access, mabawi, maunawaan, masuri at magamit, lumikha gayundin ang magbahagi ng impormasyon at nilalaman ng midya sa lahat ng format, gamit ang iba’t ibang klase ng pamamaraan, sa isang kritikal, etikal at epektibong paraan, lumahok at makisali sa mga aktibidad na pansarili, pampropesyonal at panlipunan”. Naniniwala kami na ang matuto kung paano puspasang isangkot ang mga estudyante sa Wikipedia ay susi upang matamo ang mga kakayanan na nakapaloob sa balangkas ng MIL.




Sa pagbuo ng gabay na ito, gumamit kami ng mga alituntunin ng balangkas ng [Pag-unawa ayon sa Disenyo](#) upang maiayos ang mahahalagang tanong at pangmatagalang pagkaunawa. Pinagsasama-sama ng bawat modyul ang malinaw na resulta ng pag-aaral para sa mga guro gayundin ang aplikasyon sa silid-aralan na kanilang matututunan.


Sinunod namin ang positibong pamamaraan na kung saan inuugnay namin ang mga nakaraang sariling karanasan ng guro at kaalaman kung paano gumagana ang Wikipedia. Ang mga tanong na pag-iisipan at mga aktibidad ay nakakatulong sa mga guro na makabuo ng bagong kaalaman at iugnay ito sa kanilang mga ginagawa at karanasan sa silid-aralan.

Ang pedagohikal na paraang ito ay naaayon sa aming pilosopiyang pang-edukasyon:

- Naniniwala kami na ang mga bukas na pang-edukasyong mapagkukunan ay mahalaga sa pagbibigay ng magandang edukasyon para sa lahat kaya naman ang pagsali sa mga bukas na kilusan ay tumutulong sa mga estudyante na sumulong bilang mga mag-aaral ng ika-21siglo
- Naniniwala kami na mas natututo ang mga estudyante kapag napapagaan nila ang kanilang sariling pakikipagsapalaran sa pag-aaral sa suporta ng mga guro
- Naniniwala kami na anuman ang pinagmulan at kakayahan ng mga tao ay dapat na makasali at matuto sa aming programa
- Pinahahalagahan namin ang lokal na kaalaman at mga karanasan at naniniwala na ang aming mga programa ay dapat kayang maisama ang mga lokal na mapagkukunan ng magagamit sa pag-aaral sa silid-aralan
- Naniniwala kami na ang kapakanan ng estudyante ay mahalaga sa kanilang pang-akademya at panlipunang pag-unlad



Paano gamitin ang gabay na ito



Ang nilalaman ng patnubay na ito ay nagsasama ng kayamanan ng kaalamang ginawa ng mga pamayanan ng Wikimedia at ito ay dinisenyo upang madaling umangkop sa iba't ibang mga konteksto. Nagmula ito sa mga patakarán, panuntunan, sanaysay sa Wikipedia na isinulat ng Wikimedians, at iba't ibang mga mapagkukunan na makakatulong upang maunawaan ang Wikipedia, mga pamayanan, at kasanayan. Maaari mong makita ang mga orihinal na mapagkukunan kung saan nagmula ang nilalamang ito sa seksyon ng Mga Sanggunian.

Ang gabay na ito ay lisensyado ng Wikimedia Foundation sa ilalim ng internasyonal na lisensyang [Creative Commons Attribution-ShareAlike 4.0](#). Ibig sabihin nito ay malaya kang kumompya, muling ipamahagi, humango, at isalin ang mapagkukunang ito para sa anumang kaukulan hangga't nagbibigay ka ng naaangkop na kredito sa mga may akda at gamitin ang kaparehong lisensyang Creative Commons para ipamahagi ang iyong mga ambag.

Key ng Design

Kahon sa aktibidad

Ipinapahiwatig ng kahon ng aktibidad ang isang aktibidad na kinakailangan para sa pagsasanay, ang bawat seksyon sa patnubay na ito ay mayroong kahit isang. Basahin ang mga tagubilin at gamitin ang mga blangkong pahina upang kumuha ng mga tala kung nais mo. Kung ginagamit mo ang Patnubay ng Guro na ito bilang bahagi ng isang cohort sa pag-aaral, magkakaroon ka ng isang forum na nakatuon sa pagbabahagi ng iyong trabaho.



Infobox


Ang kahon na "infobox" ay tumatawag ng pansin sa kawili-wili o nakakaalam na impormasyon tungkol sa paksang sinusuri namin sa seksyon.

infobox



Mga kaugnay na konsepto

Ang mga kahon na “Mga kaugnay na konsepto” ay nagpapahiwatig ng nilalaman na direktang nauugnay sa mga teorya sa edukasyon o mga trend ng pedagogical. Gamitin ang impormasyong ito upang makagawa ng mas malalim na koneksyon sa pagitan ng nilalaman at iyong kasanayan sa pagtuturo.












Annex

Naglalaman ang annex ng mga sample na plano sa aralin na maaari mong gamitin o iakma upang matugunan ang mga pangangailangan ng iyong mga mag-aaral. Suriin ang mga plano sa aralin bago mo gawin ang pangwakas na aktibidad.

**Annex:
Example lesson plans
and activities to
integrate Wikipedia
in the classroom**

Iskedyul ng Pagsasanay

Modyul 1	Modyul 2	Modyul 3
 _____ _____	 _____ _____	 _____ _____
 _____ _____	 _____ _____	 _____ _____
 _____ _____	 _____ _____	 _____ _____

Socializing your learning



No matter where you are, by learning about Wikipedia and bringing it to your classroom you are becoming part of a community of innovative educators committed to lifelong learning.


If you are using these resources through a facilitated learning cohort, your local facilitator will tell you where to share your responses and assignments (eg: Facebook group, Moodle course, Discord channel).

During the training, you will share and report on your progress as you work through the assignments in each module.

If you are an independent learner, consider the following ideas to make your learning more social:



Find a colleague who is also interested in expanding their knowledge and skills on Wikipedia, media and information literacy, or digital spaces. Schedule bi-weekly check-ins to share your progress and learning, help each other clarify some doubts, or go deeper into the topics that interest you. By the end of Module 3, you could meet monthly to continue learning to contribute content to Wikipedia together!



If you use social media, decide on a day where you can post about your main learnings of the week to, share your reflections, helpful links, and tag us via [@WikimediaEdu](#) on Twitter or [@WikimediaEducationTeam](#) on Facebook. We would love to see what you're getting from this experience!



Modyul 1

Pag-access sa impormasyon

Kagalingan ng MIL

Kinikila ang pangangailangan sa nahahanap na access at nababawi ang nilalaman ng impormasyon at midya.

Resulta ng pag-aaral:

1. Makikilala ng mga guro ang iba't ibang uri ng mga digital na mapagkukunan ng kaalamn
2. Matatalakay ng mga guro ang pakinabang sa Wikipedia bilang mapagkukunan ng impormasyon
3. Magagamit ng mga guro ang Wikipedia upang lubos na maunawaan ang isang paksa

Aplikasyon sa silid-aralan:

1. Mapaplano ng mga guro ang mga aralin na isinasama ang Wikipedia bilang gamit sa pag-aaral
2. Matatasa ng mga guro ang paggamit ng mga estudyante ng Wikipedia sa pag-akses sa impormasyon



TAPUSIN

1.11
Patas na kaalaman, iba't ibang nilalaman, at Wikipedia




1.10
Pagpapanatiling ligtas sa mga estudyante habang nagbabasa ng Wikipedia




1.8
Pag-navigate ng Wikipedia




1.9
Iba pang mga paraan upang ma-access ang Wikipedia



1.7
Sino ang hindi sumusulat sa Wikipedia?




1.6
Sino ang sumusulat sa Wikipedia?



1.5
Bakit gagamit ng Wikipedia?



1.3
Ano ang Wikipedia?



1.4
Karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa Wikipedia



1.2
Ano ang Wiki?



1.1
Ang kahalagahan ng pag-access sa impormasyon



SIMULA

Modyul 1
Landas sa pag-aaral



**Magsimula
na tayo!**



1.1 Ang kahalagahan ng pag-access sa impormasyon



Isipin ang isang mundo kung saan bawat estudyante ay may access sa lahat ng kaalaman, magagamit agad sa paghahanap nila at talasanggunian sa kanilang pag-aral.

Ang kalayaan sa impormasyon ay nagpapahintulot sa mga mamamayan na maunawaan ang mundong kanilang tinitirahan, gumawa ng mga kritikal na pagpapasiya, buuin ang kanilang mga pananaw, at patuloy na matuto. Mahalaga ito sa laban para sa dignidad ng tao at karapatang pantao, samantalang pinapayagan nito ang demokratikong partisipasyon sa lipunan. Konektado

ang malayang pagpapahayag sa kalayaan sa impormasyon – ang hindi pinaghihigpitang pagbabahagi ng impormasyon at mga ideya. Hindi umiiral ang isa kung wala ang isa.


Ang totoo, hindi ginagarantiya ng kalayaan sa impormasyon ang pag-access sa impormasyon. Kung ang mga tao ay pinipigilan sa mga kaparaanan na ma-access ang impormasyon (dahil sa mga paywall, kulang sa koneksiyon, o di-maunlad na mga literasiya) Samakatuwid ang agwat sa lipunan na nabawasan na ng ilang grupo ng mga indibidwal ay lalong tumindi. Habang lumalago tayo sa lipunan ng impormasyon naging napakahalaga nito upang pasulungin ang mga kakayahang kinakailangan para ma-access ang impormasyon at gabayan ang mga estudyante sa mga bagong teknolohiya.

Paano tayo magsisimula upang matulungan ang aming mga estudyante na ma-navigate ang napakaraming nilalaman ng web, gawin itong makabuluhan, at gamitin ito upang suportahan ang mga layunin ng kanilang pag-aaral? Ang paghahanap ng impormasyon sa online ay nagsisimula sa pagtatakda ng kung ano ang gusto mong malaman, pagtatanong ng tamang katanungan o mga keyword upang makuha ang gustong impormasyon, at paggamit ng mga magagamit na paraan upang maabot ang impormasyong ito. Nagbibigay ang Wikipedia ng bukas na access sa impormasyon ng walang anumang paghihigpit at itinataguyod ang mga karapatan ng mga mamamayan na ma-access ang iba't ibang mapagkukunan ng impormasyon.

Sa modyul na ito, tutuklasin natin:

- Paano masusuportahan ng Wikipedia ang mga estudyante at mga guro na magkaroon ng access sa impormasyon.
- Bakit ang Wikipedia ay isang magandang tool para maka-access sa impormasyon.
- Paano i-navigate ang Wikipedia.

aktibidad



Ipakilala ang iyong sarili sa ibang mga guro sa online forum.

- Sino ka?
- Bakit sa palagay mo ito ay mahalaga upang mapaunlad ang mga kasanayan sa literasiya sa midya at impormasyon para sa aralin na iyong itinuturo?



1. 2 Ano ang Wiki?



Napakaraming website, app, at iba pang digital na espasyo na gumagamit ng salitang “wiki.” Maaaring nakakalito itong unawain kung ano talaga ang wiki, at paanong ang lahat ng ibat’ ibang wiki na ito ay magkakaugnay. Maaari din sana naming ginamit ang “panloob na wiki” sa aming paaralan o distrito.

Sa wikang Hawayano ang ibig sabihin ng “wiki wiki” ay mabilis. Nababagay ang salitang ito upang ilarawan ang website na pinapayagan ang mga tao na mag-ambag ng nilalaman nang mabilis. Pinapayagan ng wiki ang mga pamayanan ng mga editor at mga tagapag-ambag na magtulungang sumulat ng mga dokumento. Ang isang pahina sa website ng wiki ay tinatawag na “pahina ng wiki”, habang ang buong koleksyon ng mga pahina, na karaniwan ay maayos na magkakaugnay sa pamamagitan ng mga kawingan, ay “ang wiki”. Ang wiki ay talagang isang database para sa paglikha, pag-browse, at paghahanap sa pamamagitan ng impormasyon. Ang pangunahing katangian ng teknolohiya ng wiki ay ang kaluwagan sa kung aling mga pahina ang maaaring malikha at i-update.

infobox


Ang bawat “wiki” ba ay may kaugnayan sa Wikipedia?

Wala. Maraming ibang website, application, at network ang tumatawag sa kanilang mga sarili na “wikis” at walang kaugnayan sa Wikipedia, sa Wikimedia Foundation, o kilusan ng Wikimedia. Ang mga proyektong may kaugnayan sa Wikipedia ay nakalista sa website ng Wikimedia Foundation: www.wikimediafoundation.org



mga kaugnay na konsepto


Pagtutulungan



Ang wiki ay isang tool na digital na sinusuportahan ang pagtutulungan. Isa sa mga pinakamahalagang kasanayan sa ika-21 siglo ang pagtutulungan na kinakailangan para sa mga kabataan na maging matagumpay na mga mamamayan. Sa unang tingin, ang ibig sabihin ng pagtutulungan ay unang tingin upang makamit ang isang layunin, ngunit ibinibilang talaga nito ang maraming mahalagang kasanayan. Upang ituro ang positibong pagtutulungan, kailangan din nating ituro at gawing halimbawa ang aktibong pakikinig, pagtatanong ng magandang katanungan, pakikipagnegosasyon, pag-aatas, at magkaroon ng kasunduan.

aktibidad

Ano ang ilang paraan na itinuturo mo at ginagawang halimbawa ng pagtutulungan sa iyong silid-aralan?



Ibahagi ang iyong mga saloobin sa online forum.

1.3 Ano ang Wikipedia?

Encyclopaedia Britannica




(New 11th Edition) issued 1910-11 by the CAMBRIDGE UNIVERSITY PRESS (England)

The Sum of Human Knowledge

29 volumes, 28,150 pages, 44,000,000 words of text. Printed on thin, but strong opaque India paper, each volume but one inch in thickness.

Anunsyo para sa 1911 Encyclopædia Britannica, mula sa May 1913 na isyu ng National Geographic Magazine. 29 na tomo sa 950 pahina bawat isa. 44M salita ng texto.



infobox

[Nakalimbag na Wikipedia](#) (2015)

5,231,100 nakalimbag na pahina.

7,473 tomo sa 700 pahina bawat isa: kilalanin ang Print



WIKIPEDIA
The Free Encyclopedia

Ang Wikipedia ay isang malayang online na ensiklopedya na nagsisikap na ibahagi ang kabuuan ng lahat ng kaalaman. Ito ay pinagtulungang isulat ng napakaraming boluntaryong hindi nagpapakilala na sumusulat nang walang bayad. Sinuman na may access sa internet ay maaaring magsulat at gumawa ng mga pagbabago sa mga artikulo ng Wikipedia, maliban sa mga limitadong kaso na kung saan ang pag-edit ay ipinagbabawal para maiwasan ang pagkasira o bandalismo.

Mula ng likhain ito noong Enero 15, 2001, ang Wikipedia ay naging pinakamalaking website ng talasangunian sa buong mundo, umaakit ng 1.5 bilyong natatanging bisita buwan-buwan hanggang noong Marso 2020. May mahigit 54 na milyong artikulo ito sa kasalukuyan sa mahigit 300 wika, kabilang ang 6,133,962 artikulo sa Ingles, na may aberids na 100,000 aktibong tagapag-ambag kada buwan. Libre at bukas ang Wikipedia para sa lahat.

infobox

Ano ang ibig sabihin ng “bukas”?

Bukas na kaalaman (o malayang kaalaman) ay kaalaman na malayang gamitin ng tao, muling gamitin, at muling ipamahagi nang walang ligal, panlipunan, o panteknolohikang paghihigpit.



Open Educational Resources


Ang Wikipedia ay isang Open Educational Resource (OER).

Ayon sa [UNESCO](#), ang Open Educational Resources (OER) ay mga materyal sa pagtuturo, pag-aaral at paghahanap sa

anumang paraan— digital o kung hindi man – na nasa domain na pampubliko o inilabas sa ilalim ng libreng lisensya na nagpapahintulot sa iba sa walang bayad na pag-access, paggamit, paghalaw, at muling pamamahagi nang wala o limitadong paghihigpit. Noong 2019, pinagtibay ng UNESCO ang rekomendasyon sa mga OER, na hinihikayat ang mga pamahalaan sa buong mundo na suportahan ang produksyon, pangangalaga, at paggamit ng mga OER sa pag-aaral sa silid-aralan.

Maraming pakinabang ang paggamit ng mga OER sa halip na tradisyunal na mga paglalathala. Una, binabawasan nito ang gastos sa paggawa ng mga materyal na pang-edukasyon. Pangalawa, nagbibigay ito ng kakayahan sa mga guro na malayang gamitin, humalaw, at paghaluin ang mga materyal nang hindi nag-aalala tungkol sa paglabag sa karapatang-sipi. Panghuli, ibinaling ng mga konsiderasyong pedagogikal sa paggamit ng mga OER ang aming ugnayan sa mga mapagkukunan ng kaalaman at pang-edukasyon, tinutulungan kami bilang mga tagapagturo na suportahan ang aming mga estudyante na paunlarin ang mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo.

m ga nakaugnay na konsepto



[Dagdagan ang nalalaman](#) tungkol sa kung paano nag-ambag ang pamayanan ng Wikimedia sa Rekomendasyon ng OER, ang aming pakikilahok sa Koalisyon ng OER, at ang aming pakikibahagi sa Pambuon-mundong Koalisyon sa Edukasyon ng UNESCO para sa pagtugon sa COVID-19.

aktibidad

Anong mapagkukunan ng ituturo ang karaniwang mong ginagamit sa silid-aralan? Umaasa ka ba unang-una sa mga materyal na may karapatang-sipi? Isaalang-alang ang iyong sariling opinyon sa mga pakinabang o kawalan sa paggamit ng mga OER upang mapunan ang iyong mga pinagkukunan ng ituturo.



Ibahagi ang iyong saloobin sa online forum.

Notes and Questions



1. 4 Karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa Wikipedia



Sa aming paggawa kasama ng mga guro sa buong mundo, narinig namin ang maraming maling pagkaunawa tungkol sa Wikipedia, at sa kasamaang palad, madalas itong humantong sa pagiging hindi komportable ng mga guro na gamitin itong kamangha-manghang mapagkukunan. kaya, tingnan natin ang ilan sa mga iyon, at sana ay mabigyang linaw ang anumang maling pagkaunawa:



Maaaring idagdag ng sinuman ang kanilang opinion at ariin ito bilang katotohanan

Hindi pinapayagan ang mga opinyon sa Wikipedia. Ang naisasama sa artikulo ng Wikipedia ay kinakailangang suportado ng mga mapananaligang pinagmulan at kung saan hindi sumasang-ayon ang mga pinagmulang iyon, kinakailangang dokumentado ang lahat ng opinyon. Kung may nagdagdag nang hindi sinusunod ang mga panuntunang ito, tatanggalin ito ng mga editor ng Wikipedia.



Ang editoryal na kontrol ng Wikipedia ay makakaliwa/progresibo/liberal

Wala kahit isang organisasyon ang may editoryal na kontrol sa Wikipedia. Ang Wikipedia ay ine-edit lahat ng mga boluntaryo at sinusuluyunan ang mga pagtatalo sa pamamagitan ng bukas na pakikipag-usap sa plataporma. Maaaring lang makialam ang Wikimedia Foundation sa aktibidad ng pag-e-edit kung [nilabag ang kasunduan sa paggamit](#).



Hindi na maibabalik ang mga na-edit sa artikulo sa Wikipedia

Ang mga artikulo ng Wikipedia ay nababago at patuloy na napagbubuti. Maaaring burahin o ibalik sa dati ang mga bagong edit at ang mga dating edit ay maaaring ibalik kung kinakailangan. Lahat ng mga pagbabagong ito ay nakatala sa pahina ng kasaysayan ng edit at maaaring makita ng sinuman ang pagbabago sa artikulo sa pamamagitan ng pagkukumpara sa ibat ibang bersyon.



Ginagawang tamad ng Wikipedia ang mga estudyante, mas malamang na makagawa sila ng pamamalahiyo


Kapag naipakilala at naipaliwanag nang maayos, ang Wikipedia ay nagbibigay-lakas sa mga estudyante na kusang maghanap gamit ang ensiklopedya bilang panimula. Kayang mapabilis ng Wikipedia ang pagpapaunlad ng mahahalagang [kasanayan sa ika-21 siglo](#) na pipigil sa mga estudyante na makagawa ng pamamalahiyo.

Pamamalahiyo

Malamang na bilang isang guro ikaw ay nakasumpong na ng kaso ng pamamalahiyo at nakagawa ka ng sarili mong mga estratehiya at mga tool upang matulungan ang mga estudyante

mo na maiwasan ito. Ang pamamalahiyo ay pagpapakila ng gawa ng iba – kabilang ang kanilang wika at mga ideya – bilang sa iyo, kahit sinasadya o hindi sinasadya. Hindi hinahayaan ang pamamalahiyo sa Wikipedia – buburahin, pagbubutihin ang mga pagsipi, o babaguhin ng mga editor ang mga bahagi kung saan natukoy ang pamamalahiyo. Ang malaman na nangyayari ang pamamalahiyo sa Wikipedia ay makapagbibigay din sa iyong ng mga karagdagang estratehiya upang gabayan ang iyong mga estudyante. Ang pamamalahiyo sa Wikipedia ay maaaring:

- Pagkopya ng texto nang eksakto o na may kakaunting pagbabago mula sa pinagmulan na hindi kinikilala saanman sa artikulo (katawan ng artikulo, mga talababa, seksyon ng mga talasanggunian).
- Pagkopya mula sa pinagmulan na kinilala sa hindi maayos na pagkakalagay, na hindi direktang pagkatapos ng pangungusap o sipi na kinopya.
- Pagbubuod ng pinagmulan sa sarili mong mga pangungusap nang hindi binabanggit ang pinagmulan saanman sa artikulo (katawan ng artikulo, mga talababa, seksyon ng talasanggunian).
- Pagkopya mula sa pinagmulan na maayos na kinilala na may kalakip na sipi pagkatapos ng pangungusap o sipi na kinopya subalit walang tahasang pagbanggit sa pinagmulan sa texto. Halimbawa, “Sinabi ni Rachel Smith na...”.



aktibidad

Pagtutuwid sa maling pagka-unawa tungkol sa Wikipedia



Tanungin ang iyong mga kasamahan kung anong palagay nila sa paggamit ng Wikipedia bilang pedagogikal na tool. Pumili ng isa at sumulat ng paglilinaw na nagtatama sa haka-haka. Kung ito ay hindi namin naisama dito, humingi ng payo sa online forum.

Mga haka-haka tungkol sa Wikipedia

Paglilinaw



1. 5 Bakit gagamit ng Wikipedia?



Ngayon na nabigyan natin ng linaw ang ilang karaniwang maling pagkaunawa, panahon na upang ipakita kung ang Wikipedia ay isang makapangyarihang tool pang-edukasyon. Kung iisipin natin ang tungkol sa mga pinagkukunan na ginagamit natin sa silid-aralan, paano natin matatasa ang kanilang kapakinabangan? Kapag pumipili ka ng mga aklat, mga ensiklopedya, mga worksheet, at iba pang mga materyal pang-edukasyon, ano ang hinahanap mo? Sa mga sumusunod na bahagi, nagbalangkas kami ng ilang mga dahilan kung bakit kailangang idagdag ang Wikipedia sa toolbox ng iyong guro bilang pinagkukunan na pang-edukasyon para sa mga estudyante:



Tinutukoy ng Wikipedia ang mga mapagkakatiwalaang pinagmulan

Ang ipinapakitang impormasyon sa bawat artikulo ng Wikipedia ay kinakailangang manggaling sa mga [mapagkakatiwalaan, independiyente, inilathalang pinagmulan](#). Nagtutulong-tulong ang mga editor ng Wikipedia upang makilala, masuri, at tukuyin ang mga mapagkakatiwalaang pinagmulan na mapagyayaman ang mga artikulo. Kung walang mga mapagkakatiwalaang pinagmulan ang artikulo ay hindi magiging sapat upang mamalagi sa Wikipedia at ito ay tatanggalin.



Nagsisikap ang Wikipedia na walang kinikilingan


Ang dahilan kung bakit maitururing ang Wikipedia na hindi gaanong kumikiling kaysa sa ibang pinagkukunan ay dahil sa ang Wikipedia ay ini-edit ng magkabilang panig ng argumento. Ang mga kontrobersyal na paksa, gaya ng Pagpapalaglag at George W. Bush, ay hindi mae-edit para maiwasan ang maling impormasyon at pagkalat ng impormasyong may kinikilingan.



Naka-update ang Wikipedia

Mas maraming editor ang Wikipedia kaysa sa ibang pinagkukunan ng impormasyon, na may halos 25 pag-edit ang nangyayari kada segundo. Tinitiyak nito na ang Wikipedia ay isa sa pinaka-updated na site sa Internet.

aktibidad



Ibahagi ang iyong mga sagot sa online forum:

- Anong klaseng impormasyon ang karaniwan mong hinahanap sa Wikipedia?
- Kamusta ang Wikipedia bilang sangguniang materyal kumpara sa ibang mga sangguniang materyal na mayroon ang iyong mga estudyante?



1. 6 Sino ang sumusulat sa Wikipedia?



Ikaw! Oo, kahit sino ay maaaring maging matapang at i-edit ang umiiral na artikulo o lumikha ng bago, at hindi kinakailangan ng mga boluntaryo na magtapos ng pormal na pagsasanay. Ang mga tao na lumilikha at nag-e-edit ng mga artikulo sa Wikipedia ay mula sa maraming bansa, at bawat isa sa kanila ay may kakaibang galing: kasanayan sa pagsasaliksik, kagaligang pangteknikal, galing sa pagsulat o kahusayang mag-organisa, lokal na kaalaman, ngunit higit sa lahat ay ang kagustuhang tumulong. Sinumang tagapag-ambag sa ensiklopedyang ito, hindi rehistrado at rehistrado, ay tinatawag na "Wikipedian", o, sa mas pormal, ay "editor".

Ang mga editor ng Wikipedia ay mga boluntaryo na may ibat't ibang pagganyak. Ang ilan ay interesado sa mga particular na paksa gaya ng medisina o sining. Ang ilan ay sa pag-e-edit upang matiyak na ang kanilang wika at kultura ay naipapakilala sa online. Ang ilan ay sa pag-e-edit dahil sa naniniwala sila sa misyon ng [Kilusan ng Wikimedia](#): Na bawat isa sa mundo ay malayang makapagbahagi sa kabuuan ng lahat ng kaalaman.

I-click ang mga icon sa ibaba upang marining ang sasabihin ng ilang mga editor tungkol sa kanilang mga pagganyak upang i-edit ang Wikipedia sa sarili nilang mga salita:



Pinagdaanan sa pag-edit ng Wikipedia at Wiktionary ng boluntaryong Bolivian



Isang botanist mula Kuala Lumpur nag-aambag ng mga espesyal na larawan sa Wikimedia Commons



Boluntaryo mula sa Iraq na inilalarawan ang positibong epekto ng pagsusulat ng artikulo sa Wikipedia

infobox

Minsan iniisip ng mga tao na ang Wikimedia Foundation ay ang awtoridad na nagsusulat at nag-e-edit ng mga artikulo sa Wikipedia.


Kahit na sinasabi ng mga tauhan sa Wikimedia Foundation na ang kanilang trabaho ay hindi ang pagsusulat ng mga artikulo sa Wikipedia, ngunit upang suportahan ang komunidad ng mga editor na nagsusulat, madalas tanungin ng mga tao kung paano nasusuri at napapaturunan ang kalidad ng artikulo.

Tiyak, hindi lamang mga boluntaryo ang gumagawa ng lahat ng gawaing iyon sa daan-daang libong mga artikulo sa 300+ na wika? Tila imposible para sa isang pagsisikap ng boluntaryo na maging responsable para sa isang napakahusay na bagay, subalit ang totoo ay gayon nga! Ang mga boluntaryo ay nagsusulat, nag-e-edit, at nagpapaturunay ng impormasyon sa lahat ng mga artikulo sa Wikipedia.

Narito ang ilang mga paraan na pinapanatili ng mga boluntaryo ng Wikipedia ang isang maaasahang online na ensiklopedya:



Mga Namamahala: Ang mga namamahala ay mga mapagkakatiwalaang editor ng Wikipedia na pinili ng komunidad upang maisagawa ang ilang mga pagkilos na panteknikal sa Wikipedia tulad ng pagtanggap ng mga pahina o pagharang sa mga gumagamit upang protektahan ang wiki.



Bots: Ang mga bot ay mga awtomatikong kagamitan na nilikha ng mga editor ng Wikipedia upang suportahan ang mga pagsisikap na mapanatili ang kalidad ng mga artikulo sa Wikipedia. Gamit ang [ClueBot NG](#), bilang halimbawa - kinikilala at binabalik ng bot na ito ang paninira batay sa sarili nitong algorithm at pagtukoy ng algorithm ng paninira. Ang mga bot ay hindi ibinubukod mula sa mga kinikilingan o pagkakamali sa gayon ang ClueBot NG ay may mga sistema sa lugar para sa mga boluntaryo upang suriin ang pagganap ng bot.



aktibidad



Ibahagi ang iyong mga sagot sa online forum:

- Kung nakapag-edit ka na ng Wikipedia noon, ano ang nagbigay sa iyo ng inspirasyong gawin ang una mong pag-edit?
- Kung magiging editor ka, Ano ang magiging pangunahin mong nagugustuhang paksa?
- Kung makikilala mo nang harapan ang editor ng Wikipedia, ano ang gusto mong itanong sa kanila?



1.7 Sino ang hindi sumusulat sa Wikipedia? —

Nilalayan ng Kilusan ng Wikimedia na katawanin ang lahat ng kaalaman ng tao sa Wikipedia. Ibig sabihin kailangang maisama ng saklaw na ito ang mga wika, mga kultura, mga kasaysayan, at mga pananaw. Subalit, ang kasalukuyang bumubuo ng mga editor ng Wikipedia ay hindi kinakatawan ang demograpiya ng mundo. Ito ang isyu na aktibong sinusubukang solusyunan ng ibat ibang pamayanan na sumusuporta sa Wikipedia. Isa sa mga solusyon ay ang pagtulong sa mga tao na maintindahan kung paano gumagana ang Wikipedia at hinihikayat ang sinumang interesado na maging tagapag-ambag. Ang isa sa mga pangunahing haligi ng estratehiya ng Kilusan ng Wikimedia para sa hinaharap ay ang “Patas na Kaalaman”. Tingnang sa ibaba upang dagdagan ang nalalaman tungkol sa patas na kaalaman at edukasyon.

mga nakaugnay na konsepto

Patas na kaalaman


Sinasabi ng [estratehikong direksyon](#) ng kilusan ng Wikimedia na: “Bilang kilusang panlipunan, itutuon namin ang aming pagsisikap sa kaalaman at mga pamayanan na naiwan ng

mga istraktura ng kapangyarihan at pribilehiyo. Tatanggapin namin ang mga tao mula sa ibat ibang pinagmulan upang bumuo ng malakas at malawak na pamayanan. Bubuwagin namin ang mga hadlang panlipunan, politikal, at teknikal na pumipigil sa mga tao sa pag-access at pag-aambag sa malayang kaalaman.”


Naniniwala ang tagapagturong Braziliano na si Paulo Freire na upang makalikha ng mas makatarungang lipunan, kinakailangang mabigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na maging tagapagbuo ng kaalaman. Sa aklat na ito, *Pedagogy of the Oppressed*, sinabi ni Freire na, “Dahil maliban sa pagtatanong, maliban sa praksis, ang mga indibidwal ay hindi magiging totoong tao. Lumalabas lang ang kaalaman sa pamamagitan ng imbensyon at muling pag-imbento, sa pamamagitan ng walang pahinga, desperado, nagpapatuloy, pagtatanong na may pag-asa na sinisikap matamo ng tao sa mundo, sa mundo, at kasama ang isa’t isa.”

Ang pedagohiko ng paglaya na itinuro ni Freire at ng iba pa ay humihikayat sa mga estudyante na mag-isip nang malalim tungkol sa impormasyon at ng mundo. Isa

sa mga paraan bilang tayo na mga guro na makakatulong sa ating mga estudyante na gawin ito ay sa pamamagitan ng mapanuring lente sa Wikipedia at iba pang mapagkukunan ng kaalaman at pagtatanong tungkol sa kung sino ang bumuo ng kaalamang iyon, ano ang ibig sabihin nito para sa kanila at para sa atin, at kung sino ang napag-iwanan sa kabuuan.



aktibidad



Paano ka maaring magisip ng kritikal tungkol sa impormasyon? Hinihimok mo ba sila na maging tagapagtayo ng kaalaman? Ano ang mga hadlang na nakatagpo ng iyong mga mag-aaral sa prosesong ito? Ibahagi ang iyong mga saloobin sa online forum!



Notes and Questions



1. 8 Pag-navigate ng Wikipedia

Ngayon, na natutunan natin kung ano ang Wikipedia, at sino ang mga sumusulat nito, tingnan nating mabuti at paano natin mana-navigate ang Wikipedia at gamitin ang marami nitong tampok. Sa bahaging ito, sasaliksikin natin kung paano maghanap, paano makita ang ibang mga bersyon ng wika ng isang artikulo, paano saliksikin ang mga kategorya, at paano buksan ang mga kawing na nasa artikulo.

Search


May kahon ng paghahanap sa bawat pahina ng Wikipedia. Tumulong ang kahon ng paghahanap upang direktang maka-navigate sa ibinigay na pangalan ng pahina sa sandaling tumugma kapag nagtanong ka tungkol sa particular na paksa. Kung walang artikulo ang Wikipedia tungkol sa paksang iyon, makikita mo ang mga artikulong nagbabanggit nito.



The screenshot shows the Wikipedia Main Page in English. At the top, there is a navigation bar with the URL 'en.wikipedia.org/wiki/Main_Page' and a search bar. Below the navigation bar, the Wikipedia logo is displayed on the left, and the main content area features a 'Welcome to Wikipedia' message, a 'From today's featured article' section with a portrait of George Tucker, and an 'In the news' section with a headline about the COVID-19 pandemic and a photo of Ibrahim Boubacar Keita.

Languages

Magagamit ang Wikipedia sa mahigit 300 wika, mula Ingles hanggang Tagalog. Maaari kang mag-navigate sa pamamagitan ng iba't ibang bersyon ng wika ng artikulo ng Wikipedia at mapapansin ang mga pagkakaiba at mga pakakapareho sa bawal artikulo kabilang ang paraan kung paano ipinakita ang impormasyon. Bawat wikang Wikipedia ay maaaring may kaniyang sariling mga panuntunan at kalakasan na pinagkasunduan ng mga editor ng kaniyang pamayanan.



The screenshot shows the Wikipedia article 'Open education' in English. The article text discusses the history and benefits of open education. Below the article, there is a 'Languages' section with a dropdown menu for selecting the language. The dropdown menu is open, showing a list of languages including English, Spanish, Russian, Italian, Portuguese, Japanese, German, French, Chinese, and Polish. An orange arrow points to the 'Languages' section, and another orange arrow points to the language selection dropdown menu.

Mga Kategoriya

Ang mga kategoriya ay inilaan upang pagsamahin ang mga pahina na may magkakaparehong paksa sa Wikipedia. Tinutulungan ng mga kategoriya ang mga nagbabasa na maghanap at mag-navigate, ang paksang sakop, upang makita ang mga pahina na inayos ayon sa pamagat, at sa gayon ay makita ang ugnayan ng artikulo.

Karaniwang nakikita ang mga kategoriya sa ilalim ng pahina ng artikulo kapag ni-navigate mo ang Wikipedia mula sa desktop. Palalabasin ng pag-click sa kategoriya ang pahina ng kategoriya na nililista ang mga artikulo (o ibang mga pahina) na naidagdag na sa partikular na kategoriya. Maaaring may seksyon din na inililista ang mga mga subcategory ng kategoriyang iyon. Ang tampok na subcategorization ay ginagawang possible na maayos ang mga kategoriya sa istraturang parang puno upang asistihan ang pagna-navigate.

Tingnan ang mga kategoriya kung saan ang artikulo sa "[Mga kasanayan sa ika-21siglo](#)" ay kasama.

Categories: [Learning methods](#) | [Pedagogy](#) | [Learning programs](#) | [United States educational programs](#) | [Curricula](#) | [Collaboration](#) | [Skills](#) | [Learning](#)

Links

Ang mga kawingan ay mahalagang tampok ng Wikipedia. Inuugnay ng mga panloob na kawing ang proyekto upang maging isang buo. Pinahihintulutan ng mga panloob na kawing ang mga mambabasa na palalimin ang kanilang pagkaunawa sa isang paksa sa pamamagitan ng maalwan na pag-access sa ibang mga artikulo nang hindi umaalis sa Wikipedia. Pinagbubuklod ng mga kawing ng Inter-Wikimedia ang mga proyekto sa mga kaugnay na proyekto gaya ng Wikisource, Wiktionary, at Wikipedia sa ibang mga wika, at binubuklod ng mga panlabas na kawing ang Wikipedia sa web.

Gayon pa man, may mga puwang pa rin sa mga impormasyong mayroon sa Wikipedia. Habang nagna-navigate ka sa iba't ibang artikulo ng Wikipedia sa browser ng iyong desktop mapapansin mo ang ilang panloob na kawing na nakapula. Ibig sabihin nito ang artikulo ng Wikipedia tungkol sa paksang iyon ay wala pa (pero baka dapat ay nandoon na!).



- Main page
- Contents
- Current events
- Random article
- About Wikipedia
- Contact us
- Donate
- Contribute
- Help
- Community portal
- Recent changes
- Upload file
- Tools
- What links here
- Related changes
- Special pages
- Permanent link
- Page information
- Cite this page
- Wikidata item
- Print/export
- Download as PDF

Article Talk Not logged in | Talk | Contributions | Create account | Log in

Sakena Yacoobi

From Wikipedia, the free encyclopedia

Sakena Yacoobi (Persian: سکینه یعقوبی; born **Herat, Afghanistan**) is the founder and Executive Director of the **Afghan Institute of Learning** (AIL),^[1] an Afghan women-led NGO she founded in 1995. She is well known for her work for the rights of children, women and education.^{[2][3][4]} She has earned **international recognition for her work** and received numerous awards. This includes the 2013 Opus Prize, 2015 WISE Prize in Education and 2016 Harold W. McGraw Jr. Prize in Education as well as 6 honorary degrees including from Princeton University.

Contents [hide]


- Biography
- Afghan Institute of Learning
- Recognition
- Further reading
- Notes
- External links

Biography [edit]

Born in Herat, Afghanistan, Sakena came to the United States in the 1970s, earning a bachelor's degree in biological sciences from the **University of the Pacific** in 1977^[5] and a master's degree in public health from **Loma Linda University**. Before returning in 1990 to work with her people, Sakena was a professor at D'Etre University and a health consultant. While working with refugees in Pakistan, she published eight Dari-language teacher training guides. During that time, she also served as the Agency Coordinating Body for Afghan Relief (ACBAR) delegate working on the education portion of the United Nation's Rehabilitation Plan for Afghanistan.

Sakena Yacoobi is also co-founder and Vice President of Creating Hope International, a Michigan-based non-profit organization. She is also founder of private enterprises in Afghanistan including, 4 schools, a hospital and Radio Meraj, Herat.

Sakena Yacoobi



Born 1949/1950 (age 69–70)
Herat, Afghanistan

Nationality Afghanistan

Education University of the Pacific



Subukan mo!

1. Buksan ang Wikipedia sa gusto mong wika.
2. Hanapin ang search box at maghanap ng paksa na may kaugnayan sa paksang iyong itinuturo.
3. Tukuyin kung ilang wika mayroon ang artikulong iyon.
4. Tukuyin kung saang mga kategorya nabibilang ang artikulong ito.
5. I-click ang kawingan sa artikulo na makakatulong sa iyo na mapalawak ang iyong kaalaman sa paksa.
6. Idokumento ang iyong mga saloobin at mga natuklasan:
 - Gaano kadalang makahanap ng impormasyon sa Wikipedia tungkol sa paksang ito?
 - Anong impormasyon ang nawawala tungkol sa paksang ito?
 - Bakit mahalaga na ang iyong mga estudyante ay magkaroon ng akses sa impormasyon tungkol sa paksang ito?
 - Anong mangyayari kung wala sila nito?



Ibahagi ang iyong saloobin sa online forum!

Notes and Questions



1. 9 Iba pang mga paraan upang ma-access ang Wikipedia

Noong 2015 nagsama-sama ang mundo upang bumalangkas ng pambuong mundong mga layunin na nagsisilbing gabay sa paglutas ng mga problema ng ating panahon na kailangang agad tugunan.

Familyar ka ba sa mga Sustainable Development Goals?



Nananawagan ang [Maipagpapatuloy na layunin sa pag-unlad #4](#) sa mga pamahalaan na

“iguraduhin ang malawak at marapat na kalidad ng edukasyon at itaguyod ang mga pagkakataon sa tuloy-tuloy na pag-aaral para sa lahat”.



Pinalala ng mga krisis tulad ng COVID-19 pandemic ang umiiral na di-pagkakapantay-pantay...



...na nagiging sanhi upang maiwan ng sistema ng edukasyon ang mga bata.





Ang mga inisyatiba ng libreng kaalaman gaya ng Wikipedia ay makapagbibigay ng pantay na pagtamo ng edukasyon, at mga pagkakataon para sa lahat na matuto, sa pamamagitan ng pagbabawas ng gastos na kasama sa tradisyunal na paglalathala, at sa pamamagitan ng pagpapaskil ng nilalaman mula sa maraming tao at pagsasalin.

Ngunit ... paano ang tungkol sa mga mag-aaral na walang computer o koneksyon sa internet?

Maaari pa rin itong maging hamon upang masiguro na ang mga estudyante sa buong mundo ay magkaroon ng access sa teknolohiya. Maraming paaralan ang wala pa ring sapat na mga kompyuter at access sa internet. Kung iyon ang kalagayan mo, o sinuman na kakilala mo, may ilang iba pang paraan upang ma-access ang Wikipedia:

- Maaari mong ma-access ang Wikipedia sa pamamagitan ng kahit anong browser na maaaring kumonekta sa internet, kahit ito ay mula sa desktop, laptop, tablet, o smartphone.
- Maaari ka ring mag-download ng opisyal na Wikipedia app para sa iyong smartphone



- Sa mga lugar na problema ang koneksyon ng internet (kahit dahil sa kulang sa pag-access ng network, o mahal na mga data package), maaari mo ring i-download ang Kiwix, isang app na papayagan kang ma-access ang nilalaman ng Wikipedia nang offline.



Offline Wikipedia sa [Kiwix](#)

Ang Kiwix ay isang malaya at bukas na mapagkukunan ng impormasyon na web browser nang offline na nagpapahintulot sa offline na pag-access sa Wikipedia. Maaari kang magtago ng Wikipedia (at sa mga kaugnay na proyekto nito) sa kahit anong wika sa kompyuter, USB flash drive, o kahit sa DVD, at magkaroon ng access dito nang hindi gumagamit ng internet.

Tandaan: Upang magpatuloy sa mabilis na pag-access sa Wikipedia sa buong mundo, isang Wikipedia app para sa [KaiOS](#) - isa pang mobile operating system - ay inilunsad lamang.



Subukan mo ito!

Papag-isipan natin ang karanasan sa pag-acces ng Wikipedia sa pamamagitan ng isang web browser at phone app. Pahihintulutan ka nito na mas magabayan ang iyong mga estudyante sa pagna-navigate ng Wikipedia upang ma-access ang impormasyon. Sundan ang parehong pagkakasunod-sunod sa ibaba sa wikipedia.org sa iyong kompyuter at pagkatapos ay sa Wikipedia app sa iyong smartphone (i-download ito mula sa katumbas na app store).

1. Hanapin ang kahon ng paghahanap at hanapin ang artikulo tungkol sa planetang Earth.
2. Tukuyin ang ilang mga wika na mayroon ito.
3. I-click ang kawingan na makapagdadala sa iyo upang dagdagan ang nalalaman tungkol sa Solar System.
4. Magbalik sa pahina tungkol sa planetang Earth.
5. Magbalik sa pangunahing pahina ng Wikipedia.

Gamitin ang mga tanong na nasa talaan sa ibaba upang gabayan ang iyong iniisip at ibahagi sa online forum ang iyong saloobin tungkol sa karanasang ito.

	Wikipedia sa browser	Wikipedia app
Madali ba itong gawin?		
Mahirap ba itong gawin?		
Ano ang maaaring maging kalamangan para sa mga estudyante na gamitin ang platform na ito?		
Paano iyong platform maaari bang maging mahirap para sa mga estudyante?		

Notes and Questions



1. 10 Pagpapanatiling ligtas sa mga estudyante habang nagbabasa ng Wikipedia



Ang matutunan kung paano maging ligtas sa online ay mahalagang kasanayan sa ika-21 siglo para sa lahat ng kabataan. Bilang tagapagturo, maaaring mahirapan tayong unawain kung paano masisiguro ang kaligtasan ng ating mga estudyante habang nina-navigate nila ang bagong teknolohiya at ang mga digital na espasyo. Ang pakikilahok sa Wikipedia ay nangangailangan ng pag-unawa ng mga bata sa pangunahing mga kasanayan sa kaligtasan sa Internet. Mahalaga ang patnubay at gabay ng magulang at guro, depende sa edad ng bata, kagaya lang ng ibang online environment.

Ayon sa UNICEF, maaaring turuan ang mga bata bilang mga tagatanggap, mga aktor, at mga kalahok sa online environments. Dahil dito, ang mga panganib na kanilang kinakaharap ay naiayos sa tatlong kategorya: hindi naaangkop na nilalaman, hindi naaangkop na pag-uugali, at hindi naaangkop na kontak. Saliksikin natin kung paano natin mapapanatiling ligtas ang mga bata sa Wikipedia sa tatlong kategoryang ito.

Hindi naaangkop na nilalaman

Sinulat ang Wikipedia para sa lahat. Ibig sabihin hindi ito in-edit para tanggalin ang mga nilalaman na itinuring na hindi naaangkop para sa mga bata o sinensor. Ito ay naglalaman ng mga artikulo sa mga paksa gaya ng paninira sa lahi, kontrobersyal na isyung pampulitika at pangrelihiyon at mga kilusan, at mga gawaing seksuwal, kabilang ang mga hubo't hubad na larawan.

Gayunman, ang mga artikulo sa mga paksang ito ay batay sa mga katotohanan at hindi para magbuyo o udyukan ang mambabasa. Ang mga artikulo, kabilang yaong nasa pagpaparami ng tao, ay maaaring maglaman ng pangkatawan, grapikong larawan ng sangkap na sekso, na kung saan ang ilang mga kultura ay ipinapalagay na hindi angkop para sa maliliit na bata. Subalit, maaaring i-configure ng Wikipedia na huwag ipakita ang mga larawang ito kung gugustuhin.

Dahil sa ang Wikipedia ay isang bukas na plataporma, ang mga pahina na karaniwang naaangkop para sa mga bata na gamitin ay paminsan-pinsang ine-edit sa malisyoso o nakababahalang paraan na may mga bastos na salita o nilalaman na maaaring nakakasakit. Ang uri na ito ng bandalismo ay karaniwang napapansin at inaalalis sa loob ng ilang minuto—kung hindi segundo—ngunit possible pa rin na ma-access ng tao ang pahina bago ito maaksesyunan.

Anong magagawa mo para maging mas ligtas ang Wikipedia:

1. Magkaroon ng pag-uusap sa iyong mga estudyante tungkol sa mga ankop na termino sa paghahanap.
2. Makipag-usap at ipakita kung anong magagawa ng mga estudyante kung makakita sila ng hindi angkop na mga bagay habang nagbabasa ng artikulo sa Wikipedia.
3. Pamahalaan ang mga listahan ng nilalaman para basahin ng mga estudyante.
4. Kung binabalak mong magpahanap ng partikular na paksa sa mga estudyante, mauna kang mag-search at maghanap ng anumang hindi naaangkop ng mga resulta.



Hindi naaangkop na pag-uugali

Ipinapaliwanag ng UNICEF ang hindi naaangkop na pag-uugali bilang, “Maaring gamitin ng mga bata at mga matatanda ang Internet upang ligaligin o pagsamantalahan ang ibang tao. Maaaring minsan ay magsabi ng masasakit ng komento o nakakahiyang litrato o maaaring magnakaw ng nilalaman o lumabag sa karapatang-sipi.”

Kakaunti ang mga pagkakataon para sa hindi naaangkop na pag-uugali na masangkot sa simpleng pagbabasa ng Wikipedia, at ang ibang bahagi ng pagsasanay na ito ay umaabot sa pagtulong sa mga estudyante na gamitin nang tama ang mga nilalaman ng Wikipedia. Subalit, kung sakaling maging editor ang estudyante, o makisali sa ibang mga editor sa Wikipedia, ang kanilang panganib sa pagkakalantad sa hindi naaangkop na pag-uugali ay tumataas.

May mga makatuwirang hakbang na pipigil at magpapatigil sa mga maaaring maging problema na nauugnay sa paggamnit at pag-edit ng mga bata ng Wikipedia, at ang interaksyon sa pagitan ng mga bata at matatandang mapagsamantala. Ipinatutupad ang mga hakbang na ito nang tuloy-tuloy hangga’t maaari at sa antas ng aksyon na kinakailangan upang protektahan at mapanatili ang kaligtasan, pribasiya, at pagkakakilanlan ng mga bata.

Kung maramdaman ng isa sa iyong mga estudyante na isa pang user ng Wikipedia (halimbawa, editor o tagapangasiwa) ay kumikilos sa paraan na nalalagay sa panganib ang kanilang personal na kaligtasan, o nababalisa sila sa anuman iyon, kailangan silang bilinan na ipaalam sa kanilang guro o isa pang responsableng matanda na kanilang pinagkakatiwalaan. Hindi nila dapat ituloy ang pakikipag-usap sa user na iyon.

Hindi naaangkop na Kontak

Hindi hinihingi ng Wikipedia sa kanilang mga user (mga editor) na sabihin ang kanilang edad o iba pang pansariling impormasyon ng pagkakakilanlan, maging sa pagrerehistro o sa iba pang panahon. Gayunman, ang ilang mga user ay nagpapasiyang isama ang pansariling impormasyong ng pagkakakilanlan sa kanilang pahina ng user, posibleng isinasamang impormasyon sa pakikipag-ugnayan (email, instant messaging, atbp), larawan, ang kanilang tunay na pangalan, ang kanilang lokasyon, impormasyon tungkol sa kanilang kahusayan at interes, gusto, at di-gusto, mga homepage, at iba pa. Minsan, maaari ring ipaalam ng user ang ilang pansariling impormasyon ng pagkakakilanlan sa ibang dako, gaya ng sa pahina ng talakayan.

Ang pagsisiwalat na ito ay nagdudulot ng pagkabahala kung ang pag-uusapan ay ang mga mas nakababatang user ng Wikipedia, partikular kung ipinakikilala ng user ang kaniyang sarili bilang bata. Sa kasamaang-palad, itinuturing paminsan-minsan ng mga mas nakababatang user ang Wikipedia bilang isang social networking site, at nagreresulta sa pagsisiwalat ng pansariling impormasyon ng pagkakakilanlan, pati na rin ang ibang pag-uugali na hindi naaangkop sa proyekto ng pagbubuo ng ensiklopedya.

infobox













Mga tagapangasiwa ng Wikipedia

Sa Wikipedia, ang mga tagapangasiwa ay mga pinagkakatiwalaang kasapi ng pamayanan na may kapangyarihan na tanggalin ang mga artikulo, i-block ang mga user at protektahan ang wiki mula sa bandalismo ang hindi naaangkop na pag-edit.





Upang matulungan na mapanatiling ligtas ang mga estudyante sa Wikipedia, maaari mong repasuhin sa kanila ang mga sumusunod na panuntunan:

	1. Kung ikaw ay may account, palaging mag-log in at gamitin ito kung mag-e-edit.
	2. Huwag sasabihin kahit kailan ang iyong password kaninuman.
	3. Kung hingin ng taong hindi mo kakilala online ang iyong password, hindi mo ito dapat ibigay sa kanila.
	4. Huwag payagang gamitin ng iyong pamilya o mga kaibigan ang iyong account. Kung may ginawa silang mali, ikaw ang mananagot.
	5. Mag-log out sa tuwing aalis sa kompyuter, lalo na kung ito ay pinagsasaluhang kompyuter.
	6. Huwag gumamit ng higit sa isang account maliban kung ikaw ay may magandang dahilan.
	7. Huwag i-post kahit kailan ang iyong tirahan o numero ng telepono/cellphone.
	8. Huwag gamitin ang tunay mong pangalan para sa iyong username.
	9. Huwag mag-post ng mga larawan mo, iyong mga kaibigan, o iyong pamilya sa iyong pahina ng user. Maaaring gamitin ng mga tao ang impormasyong ito upang malaman kung sino ka talaga, lalo na kung nagamit mo na ang parehong impormasyon o username sa ibang mga web site.
	10. Huwag simulang i-edit ang pahina ng iyong paaralan - palatandaan ito na baka pumunta ka doon!
	11. Huwag magsulat ng mga artikulo tungkol sa iyong sarili - kung ikaw ay totoong importanteng tao, malamang na may ibang tao na magsulat ng artikulo tungkol sa iyo.
	12. Kung nai-post mo nang hindi sinasadya ang iyong sariling impormasyon, sabihin sa tagapangasiwa na alisin ito para sa iyo, o maaari mo itong hilingin na mapangasiwaan, na siyang magtatago nito. Kahit hindi mo sabihin, maaaring tanggalin ito ng tagapangasiwa o ibang editor kung alam naming na ikaw ay napakabata. Mangyaring huwag sumama ang loob, dahil ginagawa ito upang mapanatili kang ligtas.

Paghawak at pag-uulat ng mga isyu

Kailangang tanggalin ang mga pansariling impormayong ng pagkakakilanlan na isiniwalat sa Wikipedia ng mga bata at pribadong iulat sa [Tagapangasiwa](#), o sa grupo ng email ng Tagapangasiwa. Kailangang maabisuhan ang user nang pagtanggap, sabihan na ginawa iyon upang masiguro ang kanilang pribasiya at kaligtasan, at pigilan na ilagay ang pansariling impormasyon sa Wikipedia sa hinaharap.

Ang mga ulat ng mga editor na nagtatangkang ipagpatuloy o itaguyod ang hindi naaangkop na relasyong bata at matanda, o kaya sinisira ang tiwala at kaligtasan, ay kailangang ipadala sa Wikimedia Foundation sa pamamagitan ng email: legal-reports@wikimedia.org. Ang mga ulat sa mga isyu tungkol sa hindi naaangkop na mga larawan ng mga bata ay kailangang ipadala sa kaparehong email address.

Ang mga ulat sa mga banta ng pisikal na pananakit ay kailangang ipadala sa Wikimedia Foundation emergency team sa pamamagitan ng email: emergency@wikimedia.org

aktibidad



Ligtas na pag-navigate sa Wikipedia

Batay sa natutunan sa araling ito, sumulat ng 3-4 na mga pagkilos na maaari mong gawin upang matulungan ang iyong mga mag-aaral na gamitin ang Wikipedia nang ligtas. Ibahagi ang mga ito sa mga forum!

You can take your notes in this box too!



1.11 Patas na kaalaman, iba't ibang nilalaman, at Wikipedia



Hindi pa tapos na proyekto ang Wikipedia, at marami pang mahahalagang kakulangan sa nilalaman sa lahat ng bersyon ng wika. Ang resulta ay ang pagbubukod, o kalulangan ng pagkakatawan, ng ilang mga kultura, wika, kasaysayan, at pananaw. Ang mga tagapag-ambag ng Wikipedia gaya ni Marc Miquel ay nagsisikap upang gumawa ng mga balangkas ng pagsasaliksik gayundin ng mga kasangkapan upang makatulong sa pagtukoy ng kung ano ang kulang. Halimbawa, mga kakulangan sa heograpikong representasyon at may-kinalamang mga paksa sa lokalidad; mga kakulangan sa pagkakatawan ng kasarian (hal. ang bilang ng mga biyograpiko ng mga babae), at mga kakulangan sa pagsasangkot sa mga etnikong pangkat na mababa ang bilang. Ang ganitong mga pagsisikap ay nagpapalaganap ng patas na kaalaman at nagbibigay-daun sa mas magkakaibang representasyon sa Wikipedia sa lahat ng wika. Bakit mahalaga para sa mga tagapagturo na malaman ang mga kakulangan sa kaalaman na masasagupa sa Wikipedia? Ano ang epekto ng pagkakaroon ng dagdag na representasyon ng mga lokal na wika at kaalaman sa Wikipedia? Batay sa mga salita ni [Marc](#):

"Ang pagdaragdag ng lokal na kaalaman sa Wikipedia, at ang paggamit sa mga ito] sa edukasyon ay maaaring maging napakahalaga upang magkaroon ng pagkakataong maipamana ito sa mga susunod na henerasyon. Ang mga katangian ng Wikipedia, gaya ng malawak na pagkakaiba-iba ng mga paksa rito, pagiging magkakaugnay at laganap na paggamit ng mga larawan, ay bumubuo ng isang korpus ng kaalaman na kailangang-kailangan upang bumuhay ng isang wika o upang mapag-aralan ang bahagyang kaibhan [ng isang kultura] sa anumang panahon sa hinaharap."



Bago mo basahin ang artikulo ni Mark, gumawa tayo ng maikling pagsasanay! Pumunta sa Wikipedia at subukang humanap ng mga artikulo na tumutugma sa mga pahayag sa ibaba. Isulat ang iyong mga napag-alaman sa katugmang mga kahon ng teksto:

Isang artikulo ukol sa isang bantog na tao mula sa iyong komunidad	
Isang artikulo ukol sa tradisyonal na putahe mula sa iyong pinagmulang bansa	
Isang artikulo ukol sa isang makasaysayang pangyayari o palatandaan sa iyong rehiyon	

Batay sa mga nahanap mong mga artikulo, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Paano mo ilalarawan ang kalidad ng mga artikulong ito sa iyong lokal na wika?	
Ang mga artikulo bang ito ng Wikipedia ay mababasa sa ibang wika?	
Makakapagtukoy ka ba ng anumang mga pagkakain sa pagitan ng parehong artikulo sa ibang bersyon ng wika? (Maaari kang mong gamitin ang tampok na pansalin sa browser kung mayroon ka nito)	

Sa pamamagitan ng nakaraang pagsasanay, maaaring nakapagtukoy ka ng nawawalang nilalaman tungkol sa iyong lokalidad sa Wikipedia, pati na rin ng mga pagkakaiba sa paraan ng paghaharap ng parehong paksa sa iba-ibang wika. Paano nagsisikap ang mga boluntaryo upang matukoy at matugunan ang mga kakulangang ito sa kaalaman? Malalaman mo ito sa artikulo na Marc sa ibaba.

Paalala: Ang susunod na artikulo ay [orihinal na nailathala](#) sa "[Kalendaryo ng Patas na Kaalaman](#)", isang proyekto na nagtampok ng mga kuwento ng Wikimedians na nagsisikap tungo sa Patas na Kaalaman.

"Kung gusto nating makalap ang kabuuan ng kaalaman ng tao, kailangan nating isama ang lahat ng tao."

Ako ay si Marc Miquel, may ginagawa akong proyekto na tinatawag na [Wikipedia Diversity Observatory](#) (WDO), at ito ay dako kung saan sama-samang pinag-aaralan ng mga mananaliksik at aktibista ang saklaw ng pagkakaiba-iba ang nilalaman ng Wikipedia, kung saan pinag-uusapan ang mga pangangailangan sa estratehiya, at kung saan nagmumungkahi ng mga solusyon upang paghusayin ito at malabanan ang mga kakulangan sa kaalaman.

Nilalayan ng proyekto na ipaliwanag ang mga sanhi ng mga kakulangan at makapagbigay ng buod ng pangkulturang representasyon ng bawat wika sa bawat lugar sa mundo. Gayundin, nilalayan nitong paigtingin ang pagbabahagi ng nilalaman sa lahat ng wika. Upang mapunan ang mga kakulangan sa kaalaman, gusto naming ipaalam sa lahat na sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang uri ng mga mapagkukunan: mga koleksyon ng datos, biswalisasyon, at estatistika, pati na rin ng mga listahan ng mga artikulo at pamamaraan na nagpapakita ng pinakamay-kaugnayang kakulangan na kailangang maiugnay.

Nakakasindak na hamon ang paglutas sa problema ng mga kakulangan sa kaalaman. Ngunit, sa proyektong ito, gusto kong ipagbigay-alam ang problema at magsimulang iparating ito sa maraming tayo upang magkaroon ng panlahatang pagkaunawa ng mga problema na pumipigl sa atin upang magkaroon ng mas marami pang magkakaibang nilalaman. Ang aming pangunahing hamon ay naroon sa pagbabago sa pagsasaliksik upang gawin itong epektibong komunikasyon na madaling mauunawaan ng bawat miyembro ng komunidad [ng Wikimedia] at na naghihimok sa kanilang magsaayos ng iba-ibang aktibidad upang maiugnay ang ilang mga pangunahing kakulangan. Dahil dito, naglalathala kami ng mga akademikong papel na nagpapaliwanag sa lahat ng magkakaibang pamamaraang teknikal upang masuri ang nilalaman at kung paano namin sinusukat ang pinakamahahalagang kakulangan sa kaalaman na may-kaugnayan sa kasarian at pagkakaiba ng kultura.

Nakikini-kinita ko na pagdating ng 2030, ang bawat komunidad [ng Wikimedia] ay may-kaalaman na sa mga kakulangan, kapwa sa nilalaman na dapat nilang likhaiin upang maayos na makatawan ang kontekstong pinakamalapit sa kanila (mula sa mga heograpikong lugar, mga tradisyon, mga monumento, mga tanyag na tao, mga etnikong pangkat, mga tao, atbp.) Inaasahan ko na ang mga pagtutulungan sa pagitan ng mga komunidad ng wika ng Wikipedia upang masaklaw ang pangkultutura at pangkontekstong nilalaman ay lalaganap sa mga taong darating. Sa mga proyekto mo na gaya ng [Asyanong Buwan](#), na nag-aanyaya sa lahat na mag-edit tungkol sa Asya, o [Intercultur](#) at [CEE Spring](#) na nagpapalaganap sa palitan ng mga artikulo sa pagitan ng mga wika ng Iberian peninsula at sa pagitan ng mga wika ng mga bansa sa Gitna at Silangang Europa.

Sa kabuuan, malakas ang loob ko na ang iba't ibang nilalaman ay magiging isa sa mga pangunahing layunin sa hinaharap at tayo ay magiging mas maayos at magkakatugma ang lahat ng kategorya ng nilalaman na susi upang maiugnay ang pinakamahahalagang kakulangan sa kaalaman. Ang patas na kaalaman ay ang tamang paraan upang makatuon sa mga nagbibigay sa atin ng mga kaalaman na kulang sa atin. **Dahil kung gusto nating pagsama-samahin ang kabuuang kaalaman ng tao, kailangan natin ibilang ang bawat isa.**



Mga palagay pagkatapos basahin:

- Saan pupunta ang mga estudyante, aliman sa online o offline, upang magkaroon ng mabilis na access sa impormasyon tungkol sa lokal na kasaysayan, mga tradisyon, at mga kilalang tao?
- Anong bahagi ng iyong kontekstong pangkultura ang kulang sa pagpapakilala sa online? May mga partikular bang grupo ng tao na kulang sa pagpapakilala?
- Bakit mahalaga na maipakilala sa online ang tungkol sa iyong kontekstong pangkultura?
- Base sa ginawang mong pagsasaliksik sa unang pagsasanay, sa palagay mo ba may magandang pagpapakilala ang Wikipedia sa iyong lokal na kultura? Ano ang maaaring gawin upang mapagbuti ito?

You can take your notes in this box too!



Nakumpleto mo ang Modyul 1!
Maglaan ng ilang sandali upang
ibahagi ang tagumpay na ito sa
online forum!

Anong susunod?


Ngayon na nakumpleto mo ang Modyul 1, handa ka nang simulan ang Modyul 2!



Sa Modyul 2 malalaman mo ang higit pa tungkol sa isang istraktura ng artikulo sa Wikipedia at kung paano matulungan ang iyong mga mag-aaral na mas mahusay na masuri ang impormasyong nakita nila.



Dalhin ang iyong bagong kaalaman sa iyong silid-aralan! Maghanda ng isang plano sa aralin kung saan maaari mong turuan ang iyong mga mag-aaral kung paano gamitin ang Wikipedia upang palakasin ang kanilang kasanayan sa media at kaalaman sa pagbasa at pagsulat. Gamitin ang puwang sa susunod na pahina upang simulang isulat ang iyong mga ideya, maaari mong pagbutihin ang mga ito sa paglipat mo sa Modyul 2 at 3.



Gamitin ang mga plano sa aralin na ibinigay sa Annex para sa inspirasyon, makakakita ka ng mga halimbawa kung paano isasama ang Wikipedia sa iba't ibang mga paksa ng paksa.



Alalahaning kumonekta sa mas malaking pamayanan ng Wikimedia at edukasyon sa pamamagitan ng social media, at suriin kung mayroong isang lokal na kaakibat ng Wikimedia sa iyong [rehiyon](#).

Notes and Questions



Panghuling Aralin: Isama ang Wikipedia sa iyong mga aralin

Ngayon, oras nang isabuhay ang iyong kaalaman!

- Pag-isipan ang iyong natutunan tungkol sa Wikipedia at ang kahalagahan nito bilang isang pedagogikal na kasangkapan upang makabuo ng mga kasanayan sa literasiya ng midya sa impormasyon.
- Isalang-alang ang mga malilipat na kasanayan na makukuha ng iyong mga estudyante sa pamamagitan ng mapanuring paggamit ng Wikipedia sa kanilang pang-akademikong paglalakbay.
- Repasuhin ang halimbawang banghay-aralin at mga aktibidad sa Aneks upang makahanap na maaaksyunang paraan sa pagdaragdag ng Wikipedia sa iyong pisikal o birtwal na silid-aralan.
- Tumukoy ng isang aktibidad, aralin, o modyul sa iyong klase kung saan mo maaaring isama ang Wikipedia upang pagyamanin ang mga kasanayan sa literasiya ng midya at impormasyon.
- Mag-draft ng isang plano para sa aktibidad na ito. Gamitin ang puwang sa ibaba upang mag-utak at magtipon ng mga mapagkukunan. Gamitin ang template ng plano ng aralin (o ibang template na ginamit mo na) upang ayusin ang iyong mga ideya.
- Sa pagtatapos ng Modyul 2 dapat mong suriin ang iyong mga ideya, isama ang mga bagong pananaw at kaalaman, at pagbutihin ang draft ng iyong plano sa aralin.

Mag-usap-usap:

Notes and Questions



Template ng Banghay-aralin

Aktibidad:	Grado:
Mga tanong sa pagtuklas:	Mga mapagkukunan:
Mga resulta ng pag-aaral: Pagkakaayon ng mga pamantayan:	
Paghahanada:	
Panimula:	
May-gabay na pagsasanay:	
Indibidwal na pagsasanay:	
Pagpapakita ng natutunan:	

Aneks:

**Halimbawa ng mga
banghay-aralin at
mga aktibidad upang
maidagdag ang Wikipedia
sa silid-aralan**

Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman

Aktibidad: Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman	Pagkakaayon ng kurikulum:
Mga tanong sa pagtuklas: Paano ko mahahanap ang impormasyong kailangan ko sa internet? Paano ko matatasa ang impormasyong mahahanap ko?	Mga mapagkukunan: Kompyuter, access sa internet, kuwaderno, mga gamit sa pagsusulat, worksheet para sa Paghahanap ng Kaalaman
<p>Buod ng aralin: Pinag-iisipan ng mga estudyante at itinatala ang kanilang paglalakbay sa pagna-navigate ng Wikipedia habang ina-access nila at tinatasa ang impormasyong kailangan nila upang makasagot ng isang tanong.</p> <p>Mga resulta ng pag-aaral: Kayang matukoy ng mga estudyante ang mga positibo at negatibong tagapagpahiwatig ng kalidad upang masuri ang impormasyong mahahanap nila sa Wikipedia bilang panimulang punto ng isang proyekto sa pagsasaliksik.</p>	
<p>Paghahanada:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tumukoy ng isang proyekto sa pagsasaliksik, aktibidad, iuuwing aralin kung saan kakailanganin ng mga estudyanteng i-navigate ang internet upang makahanap ng impormasyon. • Tandaan ang hitsura ng worksheet na "Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman" pati na rin ang halimbawa at ang kasamang batayan ng pagtatasa. • Ipamahagi sa digital na paraan ang worksheet na "Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman" para sa mga estudyante na makakatapos online o i-print at gamitin sa bahay. 	
<p>Panimula:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipakilala ang paksa ng proyekto sa pagsasaliksik, aktibidad, o iuuwing aralin. • Sabihin sa mga estudyante na pag-usapan ang mga website na gagamitin nila para humanap ng impormasyon upang matapos ang kanilang proyekto. • Pangunahan ang isang usapan para maihambing ng iyong mga estudyante ang mga pakinabang at hamon ng paghahanap ng impormasyon online, kung gaano mapagkakatiwalaan ang impormasyon, at kung paano maiiwasan ang pamamlahiya sa kanilang gawa. Ituon ang kanilang atensyon sa Wikipedia mismo at sabihin na gagamitin nila ito bilang panimulang punto sa kanilang proyekto. • Ipakilala ang mga positibo at negatibong tagapagpahiwatig ng kalidad mula sa Modyul 2 at sabihin sa iyong mga estudyante na gagamitin nila ang mga ito habang nagna-navigate sila sa Wikipedia upang simulan ang kanilang proyekto. 	
Mga positibong tagapagpahiwatig ng kalidad:	Mga negatibong tagapagpahiwatig ng kalidad:
<ul style="list-style-type: none"> • Ito ay naglalaman ng ilang sanggunian mula sa mga mapagkakatiwalaang pinagmulan. • Ito ay may pangunahing seksyon na nagbibigay-kaalaman at malinaw. • Sinasaklaw nito ang iba-ibang may-kaugnayang aspekto ng isang paksa. • Nagpapakilala ito ng balansyado at organisadong nilalaman. • Isinulat ito mula sa nyutral na pananaw. 	<ul style="list-style-type: none"> • Wala itong anumang mga sanggunian. • Mayroon itong pambalang banner. • Naglalaman ito ng mga pagkakamali sa pagbabaybay o balarila. • Naglalaman ito ng di-napapanahong impormasyon tungkol sa isang pangkasalukuyang paksa. • Naglalaman ito ng mga opinyong at mga pahayag ng paniniwala na walang pinagmulan.

May-gabay na pagsasanay:

- Pumili ng isang paksa bilang halimbang tatapusin sa worksheet na "Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman".
- Ipakita kung paano hanapin ang paksa mula sa kahon ng paghahanap ng Wikipedia, kung paano itala ang impormasyon sa worksheet, at ipalagay sa iyong mga estudyante ang kanilang opinyon tungkol sa mga positibo at negatibong tagapagpahiwatig ng kalidad na nakita nila sa artikulo sa Wikipedia.

Indibidwal na pagsasanay:

- Bigyan ang iyong mga estudyante ng oras para kani-kaniyang matapos ang worksheet na "Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman". O kaya, pwede silang gumawa nang may kapares.
- Tiyaking nasa kanila ang tala ng mga positibo at negatibong tagapagpahiwatig ng kalidad at pwede nilang tingnan ang mga ito kapag kinakailangan.
- Gumabay at bigyan ng opinyon ang iyong mga estudyante habang ginagawa nila ang aktibidad.

Pagpapakita ng natutunan:

- Ipapadala sa iyong mga estudyante ang kanilang mga nasagutang worksheet: kunan ng litrato ang naka-print na worksheet, screenshot, atbp.
- Ipapabahagi sa 2 -3 estudyante ang prosesong sinunod nila: Ano ang kapaki-pakinabang? Ano ang mahirap? Ano-anong tagapagpahiwatig ng kalidad ang natukoy nila sa mga artikulong nahanap nila? Mahusay bang punto ng pagsisimula ang Wikipedia para sa kanilang pagsasaliksik?
- Tasahin ang ginawa ng iyong mga estudyante gamit ang iminungkahing batayan at magbigay ng komento.
- Kung mayroon, ilathala ang gawaing nilikha ng iyong mga estudyante sa blog ng paaralan, birtwal na paskilan ng pabatid, paskilan ng Pinterest ng klase, atbp.

Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman

Panuto: Gamitin ang worksheet na ito suriin ang inyong paghahanapng impormasyon sa Wikipedia. Sagutin ang bawat tanong sa bawat kahon hanggang maabot ang "Finish" line. Ikumpara ang iyong mga sagot sa sagot ng iyong mga kaklase.



Alin na mga sanggunian ng impormasyon ang sunod kong bibisitahin?



Ano ba ang mga pangunahing diskusyon tungkol sa paksang ito na makikita sa "Usapan" na pahina?



Paano ko ba matutukoy kung mga ito'y katotohanan o opinyon lamang?



Ano ba ang mga mahalagang impormasyon na aking mahahanap?



Ano ba ang mga negatibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?



Ano ba ang mga positibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?



Alin bang mga artikulo ang sa tingin ko ay makakatulong?



Ano ba ang aking hinahanap? Ano ang mga keyword na maari kong gamitin sa paghahanap?

Magsimula Na!

Ang Paghahanap Ko ng Kaalaman - Halimbawa at Rubric

Dito makikita ang halimbawa ng kumpletong Lakbay Kaalaman Worksheet at ang halimbawang rubric kung paano susuriin ang gawain. I-angkop at palitan kung nararapat.



Sunod, babasahin ko ang mga sangguniang ito na nakapaloob sa mga artikulo ng Wikipedia na aking nasuri:
 - [Grand Old Man of Philippine Art](#)
 - [Pioneers of Philippine Art](#)
 - [Encyclopedia of World Biography on Fernando Amorsolo](#)

Alin na mga sanggunian ng impormasyon ang sunod kong bibisitahin?

Nakatala sa Usapan Pahina na ang artikulong ito ay napili nang pamayanan bilang isa sa pinakamabuting artikulo sa Wikipediang Tagalog

Ano ba ang mga pangunahing diskusyon tungkol sa paksang ito na makikita sa "Usapan" na pahina?

Ang mga pangunahing detalye sa buhay ni Amorsolo, ang kanyang mga nagawa at mga gantimpala at parangal na naabot sa kanyang buhay at karera.

Paano ko ba matutukoy kung mga ito'y katotohanan o opinyon lamang?

Hindi ito mga opinyon sapagkat nakikita ko ang mga sangguniang pinagkunan sa paggawa ng mga teksto.

Ang mga artikulo na aking nakuha sa Wikipedia ay maraming sanggunian. Ang pangunang talata ay nagbibigay ng kaalaman sa iba't-ibang aspeto ng buhay ni Amorsolo.

Ano ba ang mga mahalagang impormasyon na aking mahahanap?

Ano ba ang mga negatibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?

- [Fernando Amorsolo](#)
 - [Fernando Amorsolo: Mga Panguhaning Nagawa](#)
 - [Pambansang Alagad ng Sining](#)

Ano ba ang mga positibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?

Hindi ako nakakita ng negatibong indikasyon sa kalidad ng mga artikulo, marami itong sanggunian, bago ang impormasyon at walang nakalagay na babala.

Alin bang mga artikulo ang sa tingin ko ay makakatulong?

Ano ba ang aking hinahanap? Ano ang mga keyword na maari kong gamitin sa paghahanap?

Naghahanap ako ng mga impormasyon tungkol sa talambuhay ni Fernando Amorsolo, halimbawa ng kanyang mga gawa at mga gantimpala.

Magsimula Na!

Ang mga mag-aaral ay....	Punto	
Nakilala ang mga mahalagang salita sa at mga parametro sa paghahanap		3 <i>Malinaw na nagpapakita ng pag-unawa</i>
Nasuri ang artikulo gamit ang positibo at negatibong mga indikasyon ng kalidad		2 <i>May Ilang pagpapakita ng pag-unawa</i>
Na-buod ang impormasyong kanilang hinahanap upang masagutan ang kanilang orihinal na tanong		1 <i>Hindi kumpletong nasagot ang gawain</i>
Natukoy kung ang artikulo ay naglalaman ng katotohanan o opinyon		
Nakalista ng iba pang sanggunian ng impormasyon upang maipagpatuloy ang pananaliksik		

Kasaysayan

Aktibidad: Sino ang nasa aklat-aralin mo?	Pagkakaayon ng kurikulum:				
Mga tanong sa pagtuklas: Sino ang kinatawan sa aking mga aklat-aralin? Sino ang nawawala? Ano ang "nagpapatanyag" sa isang tao?	Mga mapagkukunan: Kompyuter, access sa internet, aklat-aralin ng kasaysayan, kuwaderno, mga gamit sa pagsusulat.				
Buod ng aralin: Sinasaliksik ng mga estudyante ang Wikipedia upang lumikha ng isang profile tungkol sa isang tanyag na tao na hindi kinakatawan sa kanilang aklat-aralin ng kasaysayan.					
Mga resulta ng pag-aaral: Masusuri ng mga estudyante ang mga kakulangan sa pagkakatawan sa kanilang aklat-aralin ng Kasaysayan at magagamit ang Wikipedia upang saliksikin ang buhay ng mga tanyag na tao sa lokalidad na hindi kasama sa kanilang aklat-aralin.					
Paghahanada:	<ul style="list-style-type: none">• Repasuhin ang aklat-aralin na ginagamit ng iyong mga estudyante sa kanilang Kasaysayan na klase.• Bigyang-pansin ang mga pangunahing kakulangan sa pagkakatawan ng mga tanyag na tao kung ito ay nagtatampok ng: kasarian, pagkamamamayan, pagkakakilanlan ng lahi, katutubong wika, atbp.• Gumawa ng grid upang mabigyang-diin ang pangunahing kakulangan sa pagkakatawan para makumpleto ito ng iyong mga estudyante. Kung tutuon tayo sa kakulangan sa kasarian, halimbawa, maaaring maging ganito ang hitsura ng iyong grid:<table border="1" data-bbox="480 1182 1329 1330"><tr><td>Kababaihang itinatampok sa aking aklat-aralin ng Kasaysayan</td><td>Kalalaking itinatampok sa aking aklat-aralin ng Kasaysayan</td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table>	Kababaihang itinatampok sa aking aklat-aralin ng Kasaysayan	Kalalaking itinatampok sa aking aklat-aralin ng Kasaysayan		
Kababaihang itinatampok sa aking aklat-aralin ng Kasaysayan	Kalalaking itinatampok sa aking aklat-aralin ng Kasaysayan				
Panimula:	<ul style="list-style-type: none">• Sabihin sa estudyante na huwag mag-atubiling magbahagi ng mga pangalan ng mga tanyag na tao sa kasaysayan ng kanilang bansa/mundo. Magbigay ng ilang halimbawa para makapagsimula sila. Ilista sila sa isang nakabahaging dokumento o sa birtwal na pisara.• Itanong sila kung kaya nilang tumukoy ng ilang pangkaraniwang mga katangian ng mga taong natukoy nila at ipapansin sa kanila ang mga hindi nakasama: Karamihan ba sa listahang ito ay kalalaking/kababaihan? Paano nalaman ng iyong mga estudyante ang tungkol sa kanila? Ano ang nagpapatanyag sa mga taong ito?• Itala ang mga pangunahing punto ng usapang ito.• Ipakilala ang layunin ng aktibidad na ito:• "Tutukuyin natin kung sino ang itinatampok sa at kung sino ang hindi nakasama sa ating aklat-aralin ng Kasaysayan. Idaragdag natin ang mga hindi nakasamang kuwento ng mga tanyag na tayo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng paunang pagsasaliksik sa Wikipedia at sa ibang pahina sa web".				

May-gabay na pagsasanay:

- Ipapansin sa mga estudyante ang kanilang aklat-aralin ng Kasaysayan at itanong sa kanila kung sa tingin nila ay mahahanap nila doon ang mga taong inilista nila sa naunang aktibidad.
- Ipakita sa kanila ang grid na iyong inihanda at ipalista sa kanila nang naaayon ang mga pangalan ng iba't ibang taong mahahanap nila sa kanilang mga aklat-aralin.
- Sabihin sa iyong mga estudyante na ihambing ang kanilang mga sagot sa isang kapareha. O kaya, bilang kabuuan, pwede mong ipabahagi sa 2-3 estudyante ang kanilang mga napag-alaman sa klase.
- Piliin ang halimbawa ng isang tanyag na taong hindi itinatampok sa kanilang aklat-aralin at ipakita ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng simpleng paghahanap tungkol sa kanila sa Wikipedia.
- Bigyang-diin ang iba't ibang seksyon ng isang artikulo sa Wikipedia na pinakakapaki-pakinabang para sa aktibidad na ito. Halimbawa: pangunahing seksyon, mga sanggunian, panloob na kawing.
- Ipakita ang profile na inihanda mo tungkol sa isang tanyag na taong hindi nakasama sa aklat-aralin ng Kasaysayan.
- Ipaliwanag sa mga estudyante kung paano nila lilikhain ang kanila: ang pangunahing impormasyon na dapat nilalaman nito, ang estilo ng pagsusulat, kung paano dapat punto ng pagsisimula ang Wikipedia, ang mga panlabas na sanggunian na hindi nila maisasagawa.
- Paalala: kung walang mga artikulong mahanap sa Wikipedia tungkol sa mga hindi nakasamang tanyag na tao na natukoy mo, gabayan ang iyong mga estudyante upang maghanap sa web gamit ang mga katulad na naaangkop na prinsipyo.

Indibidwal na pagsasanay:

- Sabihin sa iyong mga estudyante na sila naman ang maghahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa tanyag na taong hindi nakasama sa kanilang aklat-aralin.
- Papiliin sila ng isang tanyag na taong gusto nilang isama sa kanilang aklat-aralin. Maaari itong magmula sa kanilang pinagsama-samang listahan na kanilang nilikha o iba pang tao na kanilang natukoy.
- Bigyan ang iyong mga estudyante ng sapat na oras upang isagawa ang kanilang pagsasaliksik sa web.
- Magbigay ng opinyon sa estilo ng pagsusulat, pinakamagagandang kasanayan upang maiwasan ang pamamlaahiya, pagsipi ng pinagmulan, paghahanap maliban sa Wikipedia, atbp.

Pagpapakita ng natutunan:

- Ipapakita sa iyong mga estudyante ang mga profile na kanilang nalikha. Maaari itong gawin sa maliliit na grupo, nang magkapares, o sa harap ng buong klase.
- Ipaisip sa mga estudyante ang prosesong sinunod nila: Paano nila natukoy ang mga hindi nakasamang tanyag na tao, paano sila naghanap ng impormasyon sa web, paano nila naberipika ang mga pinagmulan ng impormasyon, paano nila pinili ang kanilang isasama sa profile, at kung ano-anong aralin ang kanilang natutunan tungkol sa aktibidad na ito.
- Kung mayroon, ilathala ang gawaing nilikha ng iyong mga estudyante sa blog ng paaralan, birtwal na paskilan ng pabatid, paskilan ng Pinterest ng klase, atbp.

Agham

Aktibidad: Limang pag-click lang ang kailangan

Pagkakaayon ng kurikulum:

Mga tanong sa pagtuklas: Paano ka tumutuklas ng bagong impormasyon sa internet? Paano nagiging magkakaugnay ang iba't ibang mga pahina ng web?

Mga Mapagkukunan: Kompyuter o cellphone, access sa internet, kuwaderno

Buod ng Aralin: Nagna-navigate ang mga estudyante sa mga kawingan sa mga artikulo sa Wikipedia sa pamamagitan ng limang pag-click bilang modelo upang makatuklas ng bagong impormasyon sa internet.

Mga Resulta ng Pag-aaral: Matutukoy ng mga estudyante kung paano nagiging magkakaugnay ang mga impormasyon sa internet sa pamamagitan ng mga kawingan, at mapaghahambing ang kanilang mga napag-alaman sa iba nilang mga kasamahan.

- Paghahanda:**
- Pumili ng 3 - 4 na artikulo sa Wikipedia tungkol sa mga paksang tinatalakay ninyo sa inyong aralin sa agham para sa buong linggo.
 - Repasuhin ang mga artikulo upang matiyak na ang mga ito ay mga halimbawa ng mga artikulo sa Wikipedia na itinuturing mong may de-kalidad na nilalaman.
 - Maghanda ng tsart para sa mga estudyante upang itala ang kanilang mga aksyon:

Article	Click 1	Click 2	Click 3	Click 4	Final Click

- Panimula:**
- Ipakita sa iyong mga estudyante ang paksa para sa buong linggo.
 - Ipakilala ang Wikipedia at kung paano gamitin ang kahon ng paghahanap para makapaghanap ng impormasyon.
 - Magpakita ng halimbawa ng isang artikulo sa Wikipedia mula sa mga napili mo na tungkol sa inyong paksa para sa buong linggo sa pamamagitan ng paggamit sa kahon ng paghahanap.
 - Ipakita ang iba-ibang bahagi ng artikulo at ang impormasyong makukuha ng mga estudyante.
 - Tumuon sa mga kawingan: ipakita ang pagna-navigate sa loob ng Wikipedia sa pamamagitan ng mga kawingan, kung paano nagiging magkakaugnay ang impormasyon para sa madaling pag-access sa loob ng ensiklopedya, ang mga bagong artikulong nahahanap mo, at kung paano nakakatulong sa iyo ang mga ito upang palawakin ang paksa.
 - Ipakita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga panloob ng kawing at mga panlabas na kawing. Bigyang-diin ang katotohanan ng ang isang artikulo sa Wikipedia ay palaging pwedeing maging punto ng pagsisimula sa paghahanap ng impormasyon.

May-gabay na pagsasanay:

- Ipakita ang tsart na iyong inihanda at sabihin sa mga estudyante na itatala nila ang kanilang pagna-navigate sa Wikipedia.
- Tumuon sa mga kondisyon: may 2 - 3 artikulo kung saan sila dapat magsimula, maaari silang magsimula sa pagbabasa ng mga artikulo at mag-click sa anumang kawing na gusto nilang malaman, pero 5 pag-click lang ang pwede nilang gawin. Pagkatapos ng 5 pag-click, kailangan nilang huminto sa pagba-browse.
- Ipatala sa kanila ang mga pangalan ng bawat artikulo na kanilang binisita pagkatapos ng bawat pag-click: maaari nilang kopyahin ang kawing ng artikulo, isulat ang pangalan, o kumuha ng mga screenshot.
- Magpasulat sa kanila ng ilang mga salik na natutunan nila sa bawat pahinang nabisita nila.
- Gawin nang magkakasama ang unang artikulo.
- Ihambing ang inyong mga resulta sa mga resulta ng isang estudyante.

Indibidwal na pagsasanay:

- Biyang ng oras ang mga estudyante upang mag-isang ma-navigate at maitala ang kanilang mga aksyon.
- Magbigay ng kinakailangang suporta.
- Himukin ang pagiging malikhain at independesya ng iyong mga estudyante sa kung paano nila itatala ang kanilang karanasan sa pagna-navigate.

Pagpapakita ng natutunan:

- Ipatapos sa iyong mga estudyante ang kanilang mga tsart para sa pagtatanghal.
- Magbigay ilang alternatibo: paggawa ng slideshow, collage, ulap ng mga salita, infographic, atbp.
- Pagparis-parisin ang mga estudyante o pagsamahin sa maliliit na grupo at ipahambing sa kanila ang iba't ibang artikulo sa Wikipedia na kanilang natuklasan.
- Tipunin ang klase at ipabahagi sa 2 - 3 estudyante ang kanilang karanasan at mga natutunan: Madali bang maintindihan ang nilalaman? Ano ang kapaki-pakinabang sa kanila? Ano sana ang gusto pa nilang mahanap? Ano ang naituro nito sa kanila tungkol sa kanilang mga kasanayan sa pag-access ng impormasyon sa web?

Araling Panlipunan

Aktibidad: Apat na star para sa Wikipedia!

Pagkakaayon ng kurikulum:

Mga tanong sa pagtuklas: Mapagkakatiwalaan mo ba ang lahat ng iyong nababasa sa online? Paano mo masasabi kung ang nakita mong nilalaman sa online ay mapagkakatiwalaan? Paano mo matatasa ang kalidad ng impormasyon na nakita mo sa online?

Mga mapagkukunan: Kompyuter o cellphone, koneksyon ng internet, notebook, mga gamit panulat

Buod ng Aralin: Sinusuri ng mga estudyante ang mga artikulo sa Wikipedia and nirarangguhan ang kanilang kalidad batay sa simpleng sistema ng pagmamarka gamit ang star.

Mga Resulta ng Pag-aaral: Nagagawang masuri ng mga estudyante ang mga artikulo sa Wikipedia at ipaliwanag kung paano nila magagamit ang pamantayan ng pagsusuring ito upang pag-aralan ang impormasyong nakita nila sa ibang mga website.

Paghahanda:

- Maghanda ng slide o grapikong representasyon ng sistema sa pagmamarka gamit ang star na iyong ipapakita:

★ Ang artikulo ay may malinaw na pangunahing seksyon	★ Ang artikulo ay may 5 o higit pang sanggunian sa mga mapagkakatiwalaang pinagmulan
★ Ang artikulo ay isinulat mula sa nyutral na pananaw	★ Naglalaman ang artikulo ng napapanahong impormasyon

- Ibagay ang sistema sa pagmamarka gamit ang star sa sarili mong pangangailangan: gawing mas espesipiko ang mga hangganan, magdagdag ng isa o dalawang karagdagang star, atbp.
- Pumili ng dalawang artikulo sa Wikipedia na may kaugnayan sa paksang iyong itinuturo sa linggong iyon upang gamiting halimbawa.

Panimula:

- Gabayan ang pagbabalik-tanaw kasama ng iyong mga estudyante tungkol sa kung paano nila i-navigate ang web upang makita ang impormasyong kailangan nila. Magtuon sa: Aling mga site ang mas madalas nilang bisitahin? Para sa anong layunin? Anong uri ng nilalaman ang nakikita nila? Paano nila matatasa kung ang nilalaman na nakita nila ay mapagkakatiwalaan?
- Itala ang mga pangunahing ideya na makukuha sa talakayang ito.
- Tanungin ang mga estudyante tungkol sa kanilang paggamit partikular ng Wikipedia: Paano nila ginagamit ang impormasyong nakita nila doon? Ano ang mga element ng artikulo sa Wikipedia? Mapagkakatiwalaan ba nila ang impormasyong nakita nila sa Wikipedia?
- Itala ang kanilang mga ideya at magbigay ng gabay kung kinakailangan.

May-gabay na pagsasanay:

- Ipakilala ang sistema ng pagmamarka gamit ang mga star bilang tool upang matulungan silang masuri ang impormasyon na nakikita nila sa Wikipedia.
- Ipakita ang mga artikulo sa Wikipedia na iyong pinili bilang mga halimbawa.
- Ihatid ang iyong mga estudyante sa pamamagitan ng pamantayang kinatawan ng bawat star at talakayin kung karapat-dapat sa artikulo ang star na iyon o hindi.

Indibidwal na pagsasanay:

- Tulungan ang iyong mga estudyante na pumili ng isa o dalawang artikulo sa Wikipedia upang magsagawa ng kaparehong pagsusuri.
- Hilingin sa kanila na idokumento ang kanilang mga desisyon: sa isang talahanayan, isang slideshow, isang simpleng infographic, o pagkuha ng tala sa kanilang notebook.
- Bigyan sila ng sapat na panahon upang isagawa ang aktibidad at gabayan sila kung kinakailangan.

Pagpapakita ng natutunan:

- Hayaang ipakita ng mga estudyante ang mga artikulong kanilang nasuri at ang kanilang markang star na ibinigay sa kanila.
- Gumawa ng isang talakayan para sa mga estudyante upang magbalik-tanaw sa kanilang natutunan tungkol sa impormasyon na kanilang nagamit sa online: Nakatulong ba ang sistema ng pagmamarka upang suriin ang impormasyong nakita nila? Maaari ba nilang gamitin ang pamantayang ito kapang nag-navigate sila ng impormasyon sa ibang mga website? Paano?
- Kumuha ng mga tala ng talakayang ito at ikumpara ang mga iyon sa mga tala mula sa panimulang aktibidad. Hayaang makilala ng iyong mga estudyante ang kahalagahan ng pagkakaroon ng napapanahong impormasyon na ipinakita nang may kalinawan, isinulat mula sa nyutral na pananaw, at may malinaw ng mga sanggunian sa mga ginamit na pinagmulan.

Sining ng Wika

Aktibidad: Ang pelikula ko sa Wikipedia	Pagkakaayon ng kurikulum:
Mga tanong sa pagtuklas: Ano ang nagpapaespesyal sa pelikula? Paano naipapahayag ang parehong impormasyon	Resources: Kompyuter o cellphone, koneksyon ng internet, notebook, mga gamit panulat
Buod ng Aralin: Ikinukumpara ng mga estudyante ang impormasyon tungkol sa sikat na pelikula sa Wikipedia at ibang mga website upang maunawaaan ang mga pagkakaiba sa istilo ng teksto at lumikha ng artikulo na pang-ensiklopedya tungkol sa pelikula na hindi pa makukuha sa Wikipedia.	
Mga resulta ng Pag-aaral: Natutukoy ng mga mag-aaral ang iba't ibang istilo ng pagsusulat sa internet at nalalaman kung ang mga teksto ay isinulat mula sa nyutral na pananaw.	
Paghahanda:	<ul style="list-style-type: none">• Maghanap ng mga artikulo sa Wikipedia tungkol sa mga pelikula na ikinasisiya ng iyong mga estudyante sa panahong ito.• Maghanap ng ibang mga website or midya na binibisita ng iyong mga estudyante upang malaman ang tungkol sa pelikula.• Maghanda ng ilang pag-iisipang 2 tanong para sa iyong mga estudyante upang maanalisa ang pagkakaiba kung paanong ang mga balangkas ng pelikula ay inilalahad sa pamamagitan ng Wikipedia (pang-ensiklopedya, nyutral na pananaw) at iba pang mga website (mga opinyon, pagsusuri ng mga kritiko, patalastas, atbp.). Halimbawa:<ul style="list-style-type: none">❖ Aling website ang mas mabisang naglalarawan sa pelikula?❖ Aling website ang naghihikayat sa akin na panoorin ang pelikula?❖ Aling website ang nagpapahayag ng personal na pagtingin sa pelikula?
Panimula:	<ul style="list-style-type: none">• Tinutulungan ang mga estudyante na maalala ang kanilang mga paboritong pelikula: isulat ang mga pamagat sa dokumento o birtwal na paskilan, hilingin sa kanilang maglagay ng mga larawan ng mga karatula ng pelikula sa slideshow, o hilingin sa kanila na ilarawan ang pelikula at hayaan ang iba na hulaan ang pamagat.• Gumawa ng pinagtulungang listahan list ng mga website na binibisita ng iyong mga estudyante upang malaman ang tungkol sa mga paparating na pelikula.• Ipakilala ang Wikipedia bilang isa pang website kung saan makakahanap sila ng impormasyon tungkol sa isang pelikula (kung hindi pa ito naipalalabas).

May-gabay na pagsasanay:

- Ikumpara ang artikulo tungkol sa isang pelikula na mayroon sa Wikipedia at iba pang website na rekomendado ng iyong mga estudyante.
- Bigyan ng panahon ang mga estudyante na malayang mabasa ang mga artikulo.
- Hatiin sila sa maliliit na grupo upang talakayin ang mga pagkakaiba sa mga website na ito gamit ang mga pinag-iisipang tanong na iyong inihanda.
- Pabalikin sila at hilingin sa 2 - 3 estudyante na ibahagi ang kanilang iniisip.

Indibidwal na pagsasanay:

- Hilingin sa mga estudyante na pumili ng isang pelikula na wala pa ang artikulo sa Wikipedia.
- Sabihin sa iyong mga estudyante na lilikha sila ng pagtutularang artikulo sa Wikipedia tungkol sa pelikulang ito.
- Gabayan sila sa mga pangunahing bahagi ng artikulo sa Wikipedia tungkol sa pelikula at iwan ito bilang halimbawa. Muling ituro sa mga katangian ng tekstong pang-ensiklopedya.
- Magbigay ng suporta kung kinakailangan habang malayang gumagawa ang iyong mga estudyante sa kanilang mga artikulo. Maaari itong gawin sa dokumentong digital o sa kanilang mga notebook. O di kaya, maaari ding gumawa ang mga estudyante nang magkakarapareha o maliliit na grupo.
- Repasuhin na ang mga estudyante ay isinasama ang iba't ibang elemento ng artikulo sa Wikipedia at isinusulat ang kanilang mga teksto mula sa nyutral na pananaw.

Pagpapakita ng natutunan:

- Kolektahin ang mga pinagtularang artikulo sa Wikipedia na ginawa ng mga estudyante.
- Ipakita sila bilang gallery view sa pamamagitan ng mga slideshow o iba pang plataporma na iyong gusto.
- Pumili ng 2 - 3 hindi sunod-sunod na artikulo na ginawa ng iyong mga estudyante at hilingin sa klase na patunayan na ito ay nagtataglay ng iba't ibang elemento ng artikulo sa Wikipedia at ito ay tunay na isinulat mula sa nyutral na pananaw. O di kaya, maaring magpalitan ang mga estudyante ng mga artikulo at magbigay ng komento nang direkta sa kanilang mga kamag-aral.
- Kung mayroon, ilathala ang gawa na nilikha ng iyong mga estudyante sa blog ng paaralan, birtwal na paskilan ng pabatid, paskila ng Pinterest ng klase, atbp.

Matematika

Aktibidad: Mga biswalisasyon ng datos sa Wikipedia

Pagkakaayon ng kurikulum:

Mga tanong sa pagtuklas: Paano maipapakita ang impormasyon sa iba't ibang paraan? Ano ang mga pakinabang ng pagpapakita ng datos sa pamamagitan ng grapika?

Mapagkukunan: Kompyuter o cellphone, koneksyon ng internet, notebook, mga gamit panulat

Buod ng aralin: Tinutukoy at binibigyang kahulugan ng mga estudyante ang mga biswalisasyon ng datos ng demograpiko ng bansa sa mga artikulo sa Wikipedia at gumagawa ng kani-kanila.

Mga resulta ng pag-aaral: Naaanalisa ng mga estudyante ang mga demograpikong impormasyon sa pamamagitan ng mga biswalisasyon ng datos, natutukoy ang mga pinagmulan ng datos, at nagdidisenyo ng bagong mga biswalidad ng datos.

Paghahanda:

- Gumawa ng listahan ng mga artikulo sa Wikipedia tungkol sa iba't ibang bansa na isinasama ang mga biswalisasyon ng datos sa seksyon ng kanilang "Demograpika".
- Tiyakin na ang pinagmulan ng mga grapikong magagamit ay mapagkakatiwalaan at napapanahon.
- Gumawa ng 2 - 3 alternatibong biswalisasyon ng datos sa ipinakita ng mga artikulo sa Wikipedia na iyong pinili. Huwag mag-atubiling maging malikhain! Gamitin ang mga pang-araw-araw ng bagay, isama ang mga sikat na tauhan, gawing grapika ang mga talahanayan, o lumikha ng munting animasyon.
- Maghanda ng mabilisang munting kaalamang mga katanungan para sa iyong mga estudyante upang repasuhin ang demograpikong datos tungkol sa 3 - 4 na mga bansang isinama mo sa iyong listahan.

Panimula:

- Gumawa ng mabilisang aktibidad sa estilong munting kaalaman upang ipahula at ipaalala sa mga estudyante ang demograpikong datos tungkol sa 3 - 4 ng mga bansang iyong pinili.
- Dalhin ang atensyon ng iyong mga estudyante sa Wikipedia at ipatukoy sa kanila ang mga sagot sa munting kaalamang katanungan sa mga kaukulang artikulo tungkol sa bawat bansa.
- Gabayan ang iyong mga estudyante na tukuyin ang mga pinagmulan ng impormasyong ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sanggunian sa mga artikulo sa Wikipedia.

May-gabay na pagsasanay:

- Pangunahan ang isang munting pananaw tungkol sa paano maipapakita sa iba't ibang paraan ang demograpikong datos, ang mga pakinabang at mga hamon ng mga biswalisasyon ng datos, at halimbawa ng mga biswalisasyon ng datos na nasasagupa ng mga estudyante sa kanilang pang-araw-araw na buhay.
- Ipakita ang mga biswalisasyon ng datos na iyong ginawa ayon sa demograpikong datos na mayroon sa Wikipedia.
- Ipakita kung paano mo binigyang kahulugan ang datos na mayroon at kinulayan, kinortehan, at binigyan ng katawagan upang ipabatid ang impormasyon.
- Hilinging magkomento ang iyong mga estudyante sa mga biswalisasyon ng datos: Alin-alin ang mas madaling maintindihan? Alin-alin ang mas mahirap maintindahan? Bakit?

Indibidwal na pagsasanay:

- Ipakita ang listahan na iyong ginawa sa mga artikulo sa Wikipedia tungkol sa iba't ibang bansa.
- Papiliin ang mga estudyante ng isang bansa na kanilang kinawiwilihan at tingnan sa pamamagitan ng seksyon ng "Demograpika" sa artikulo nito sa Wikipedia. Anong klase ng impormasyon ang maaari nilang makita? Anong klase ng mga biswalisasyon ng datos ang mayroon? Ano ang pinagmulan ng impormasyong iyon?
- Hilinging magtuon ang mga estudyante sa isang aspekto ng impormasyong naroroon sa seksyon ng "Demograpika" ng artikulo sa Wikipedia na kanilang napili (populasyon sa pamamagitan ng edad, kasarian, relihiyon, etnisidad, atbp).
- Sabihin sa iyong mga estudyante na gagamitin nila ang impormasyong iyon upang gumawa ng kanilang sariling biswalisasyon ng datos gamit ang alinman sa mga tool na digital o analog (o kombinasyon ng dalawa).
- Magbigay ng ilang mungkahi para sa proseso: isaalang-alang ang iyong manonood, pumili ng mga kulay at elemento na magpapapaunawa, pumili ng may kaugnayang impormasyon upang mapanatili itong simple, gumamit ng mga katawagang gagabay, sipiin ang mga pinagmulan.

Pagpapakita ng natutunan:

- Kolektahin ang lahat ng biswalisasyon ng datos na nagawa ng mga estudyante.
- Ipakita ang mga ito bilang gallery view sa pamamagitan ng mga slideshow o ibang plataporma na gusto mo.
- Pumili ng ilang halimbawa at pabigyan ng kahulugan sa iba't ibang estudyante ang impormasyong ipinapaabot ng mga grapikong ito.
- Kung mayroon, ilathala ang mga biswalisasyon ng datos na ginawa ng iyong mga estudyante sa blog ng paaralan, birtwal na paskilan ng pabatid, paskilan ng Pinterest ng klase, atbp.

Mga Pagkilala

Nagpapasalamat kami sa pagtutulungang ginawa ng mga lokal ng tagapag-ugnay sa bawat nangungunang bansa upang matupad ang proyektong ito at sa impormasyong tinanggap mula sa mga nag-ambag sa toolkit na ito.

Ang mga lokal ng tagapag-ugnay sa Bolibya, Moroko at Pilipinas ay susi upang mapaunlad ang mga pangangailangan sa yugto ng pagtataasa ng proyektong ito, umugnay sa mga lokal na guro sa pamamagitan ng mga detalyadong panayam, at pagbibigay kahulugan sa nilalaman ng toolkit at mga programa sa pagsasanay upang mas matugunan ang mga pangangailangan at interes ng manonood.

Nais naming pasalamatan ang dalawa naming Graduate Fellow na sina Priyal Gala at Meng Zhou na tumulong sa panimulang pananaliksik ng proyektong ito at tumulong na maisaayos.

Nais naming pasalamatan ang lahat sa Wikimedia Foundation at nasa Komunidad ng Wikimedia na nakipagtulungan sa proyektong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kabatiran, komento, at suporta.

Nais din naming pasalamatan ang libo-libong guro na kumuha ng surbey sa paunang programa. Tinulungang ipaalam ng kanilang mga pananaw ang proyekto at isinaayos ang toolkit upang maging isang makabuluhan at praktikal na mapagkukunan para sa kanilang pagtuturo.



Mga sanggunian

1.2 Ano ang Wiki?

- Wikipedia contributors. (2020, September 1). Wiki. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 12:26, September 3, 2020, from <https://en.wikipedia.org/w/index.php?title=Wiki&oldid=976131101>

1.3 Ano ang Wikipedia?

- Wikipedia contributors. (2020, September 3). Wikipedia. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 12:26, September 3, 2020, from <https://en.wikipedia.org/w/index.php?title=Wikipedia&oldid=976521866>
- Wikipedia contributors. (2020, September 4). Wikipedia:About. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 18:18, September 4, 2020, from <https://en.wikipedia.org/w/index.php?title=Wikipedia:About&oldid=975975349>
- Wikipedia contributors. (2020, August 3). Open knowledge. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 22:56, September 4, 2020, from https://en.wikipedia.org/w/index.php?title=Open_knowledge&oldid=970891242

1.4 Mga karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa Wikipedia

- Wikipedia contributors. (2020, September 4). Wikipedia. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 18:25, September 4, 2020, from <https://en.wikipedia.org/w/index.php?title=Wikipedia:Plagiarism&oldid=958736282>

1.5 Bakit gagamit ng Wikipedia?

- Wikipedia contributors. (2019, December 1). Wikipedia:Why use Wikipedia. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:42, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Why_use_Wikipedia

1.6 Sino ang sumusulat sa Wikipedia?

- Wikipedia contributors. (2020, September 8). Wikipedia:Who writes Wikipedia?. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:42, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Who_writes_Wikipedia%3F

1.7 Sino ang hindi sumusulat sa Wikipedia?

- Berthoff, A. (1990). Paulo Freire's Liberation Pedagogy. *Language Arts*, 67(4), 362-369. Retrieved September 16, 2020, from <http://www.jstor.org/stable/41961745>
- Freire, P. (1993). *Pedagogy of the Oppressed* (930854093 729190338 M. B. Ramos, Trans.). NY, NY: The Continuum International Publishing Group, from <https://envs.ucsc.edu/internships/internship-readings/freire-pedagogy-of-the-oppressed.pdf>
- Ira Shor, Paulo Freire. *A Pedagogy for Liberation: Dialogues on Transforming Education*. Greenwood Publishing Group, 1987

1.8 Pag-navigate ng Wikipedia

- Wikipedia contributors. (2020, August 27). Help:Searching. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:21, September 16, 2020, from <https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Search>
- Wikipedia contributors. (2020, September 10). Wikipedia:Manual of Style/Linking. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:22, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Manual_of_Style/Linking

1.9 Iba pang paraang upang ma- access ang Wikipedia

- Wikipedia contributors. (2020, August 14). Kiwix. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 23:35, September 4, 2020, from <https://en.wikipedia.org/w/index.php?title=Kiwix&oldid=972915338>

1.10 Pinananatiling ligtas ang mga estudyante sa Wikipedia

- Wikipedia contributors. (2020, March 19). Wikipedia:Protecting children's privacy. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:23, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Protecting_children%27s_privacy
- Wikipedia contributors. (2020, July 8). Wikipedia:Child protection. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:24, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Child_protection
- Wikipedia contributors. (2020, August 5). Wikipedia:FAQ/Schools. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:24, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:FAQ/Schools#Is_it_a_safe_environment_for_young_people?
- Wikipedia contributors. (2015, May 9). Wikipedia:Youth protection. In Wikipedia, The Free Encyclopedia. Retrieved 15:25, September 16, 2020, from https://en.wikipedia.org/wiki/Wikipedia:Youth_protection
- International Telecommunication Union (ITU) & UNICEF. (2015). Guidelines for Industry on Child Online Protection. <https://www.unicef.org/media/66616/file/Industry-Guidelines-for-Online-ChildProtection.pdf>